


BAKIT KA HUMIHIBIK?

MAGSALITA KA!

 Pagpalain ka ng Panginoon! Manatili lang tayong nakatayo pansumandali, habang iniyuyukod natin ang ating mga ulo. Mayroon bang natatanging kahilingan? Kung inyong naisin, hayaan itong maipaalam habang inyong itinataas ang inyong mga kamay sa Dios at sabihin, sa pamamagitan niyan, “Panginoon, batid Mo ang aking pangangailangan.”

² Makalangit na Ama, tunay nga kami ay—ay mga taong nabigyan ng pribilehiyo sa umagang ito, upang mangagkatipon sa bahay ng Dios, samantalang nalalaman naming may napakaraming nais magpunta sa bahay ng Dios sa umagang ito, at nasa mga pagamutan at nasa mga banig ng karamdaman. At pinagkalooban Mo kami ng pribilehiyong ito na makaparito sa araw na ito. At hindi kami kailanman pumaparito, Panginoon, upang makita ng isa’t isa, bagama’t gustung-gusto namin ang aming pakikisama sa isa’t isa; subali’t maaari naming gawin iyon sa aming mga tahanan. Nguni’t kami’y naparito upang makasama namin Siya Na nagbuklod sa amin bilang mga minamahal na anak at magkakapatiran.

³ Aming pinasasalamatan Ka ngayon. At ang tanging paraan na alam namin upang kasamahin Ka nang tama ay sa palibot ng Iyong Salita. Ang Iyong Salita ay ang Katotohanan. Kami ay nagkakatipon dito para sa kalakasang espirituwal. Aming kailangan iyon, Panginoon. Kami dapat ay magkaroon ng lakas upang makayanan ang mga krus na aming pinapasan. At dalangin namin na isusugo Mo ang dakilang Espiritu Santo sa araw na ito, at palalakasin kaming lahat. Ipagkaloob ang kahilingan ng Iyong bayan habang sila’y nangagkakatipon at itinaas ang kanilang mga kamay sa Iyo, na sila’y may pangangailangan ng ganoong mga bagay. Tugunin Mo ang bawa’t isa, Panginoon.

⁴ Amin Kang pinasasalamatan sa pagliligtas sa buhay ng aming Kapatid na babaing Ungren kagabi, sa aksidente sa daan patungo rito. Ikaw ay naging mapagmahal sa kanila, Panginoon, at pinasasalamatan Ka namin dahil doon. At ngayon ay aming dalangin, Makalangit na Ama, na Ikaw ay patuloy na maging kasama namin at tulongan kami habang kami ay nagpapatuloy sa paglalakbay, bawa’t isa sa amin. Ipagkaloob sa amin ang Iyong nagpapalakas na kapangyarihan at ang—ang pananampalataya sa pagkaalam na ang Iyong hindi kailanman nabibigong Presensiya ay sasaamin. Sa oras na iyon na hindi

na namin matulungan ang aming sarili, alam naming “ang mga Anghel ng Dios ay nakapalibot sa mga may takot sa Kaniya, at iingat na Nila kami baka matisod ang aming paa sa bato.” At dalangin namin ngayong pagkalooban Mo kami ng Iyong mga pagpapala para sa Salita, at mangusap sa pamamagitan namin, at sa kalooban namin, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

⁵ Ako’y lubos na nagpapasalamat na ang sikat ng araw sa labas, ang araw, ay sumisikat. Talagang hindi maganda kaninang umaga. At sa palagay ko, sa lalawigang ito, lalo na, napakadalas na makulimlim sa atin, nakababagot na klima. At ang makitang nagliliwanag ang araw, sumisikat, napakainam nito.

⁶ Ang munting pagsasamang muli ng aming mag-anak sa araw na ito, nakatagpo ko ang mga kapatid kong lalaki, at sila’y naroon sa bahay ng aking kapatid na babae, at ilang mga kamag-anak namin sa lungsod at sa palibot. Doo’y isang malaking lipon ng mga Branham. Kung silang lahat ay paparitong sama-sama mula sa Kentucky, dito, palagay ko’y kakailanganin naming upahan ang lungsod; napakarami nila. Nguni’t isang maliit na pagtitipon lamang. Kaming lahat dati’y nagtitipun-tipon sa bahay ni inay, at siya ang dating taliang haligi na nagbuklod sa amin, parang ganun. Nguni’t kinuha na ng Dios ang taliang haligi patungo sa Langit, at umaasa akong magkikita-kita kaming lahat doon balang araw.

⁷ At ngayon sinabi ko noong isang araw, sabi ko, “Alam n’yo, sa palagay ko’y aking—paiikliin ang aking mga mensaheng Panlinggo sa mga dalawampung minuto, at—at, o tatlumpu, at pagkatapos ay mananalangin para sa maysakit.” At aking naisip iyan kaninang umaga.

⁸ At naisip ko kagabi, nang si Kapatid na babaing Downing ay tumawag sa akin at sinabi na, tumawag kay Billy at sinabi na siya at si Kapatid na babaing Ungren sa kanilang daan papunta na, ay napadulas papunta sa kabilang panig ng daan at nagkaroon ng kapinsalaan. At habang si Billy ay nasa bintana pa, mga bandang, hindi ko alam kung anong oras iyon; marahil kaninang umaga, mga ganung oras. Ako’y nakatulong nang bahagya. Tumingin ako kina Kapatid na Wood, patay na ang mga ilaw. At lumuhod na lang ako upang manalangin, at nang gawin ko iyon, may Isang nagsabi sa akin, “Maayos na ang lahat.” Kaya’t sinabi ko kay Billy, “Sabihin mo sa kaniya, ‘Ang lahat-lahat,’ sa paniwala ko, ‘ay magiging maayos.’” Labis akong nagagalak na makita silang naririto ngayong umaga, at nakaupo sa bahay ng Panginoon, nakabalik dito matapos ang pangyayaring iyon sa daan.

⁹ Mga taong ganiyan ang pagmamahal sa iyo, para pumarito sa daan-daang milya para mapakinggan ang Ebanghelyo, pagkatapos naisip ko, “Ang isang dalawampung minutong

mensahe, at sa bagal ko, hindi makasasapat ang mga ito.” Kaya’t naisip ko na akin na lamang . . . nang ganun katagal.

¹⁰ Kaya nga, narinig si Kapatid na Ungren, ang anak niyang lalake, ngayong umaga, umaawit, “How Great Thou Art.” Siya ay . . . Higit Siyang makahulugan sa kaniya sa umagang ito kaysa kahapon ng hapon, sapagka’t ang dakilang Dios ng Kalangitan ay iniligtas ang kaniyang minamahal, ginigiliw na ina at kapatid na babae.

¹¹ Ngayon, sa araw na ito, inaasahan natin ang isang dakilang panahon sa Panginoon. At ako’y may dalawa o tatlong magkakaibang teksto ritong tinitingnan kanina, at hindi ko, hindi malaman kung alin ang aking ipangungusap sa umagang ito. Isa sa kanila ay ang, “Ilagak mo ang iyong mga kabalisan sa Kaniya, sapagka’t ipinagmamalasakit ka Niya. Ngayon, kung Siya’y nagmamalasakit, bakit ikaw ay hindi?”

¹² Pagkatapos may isa pa, si Billy Paul, o hindi pala si Billy Paul . . . Ang isa ko pang anak na lalaki, si Joseph, ang naghatid sa akin ng tekstong ito matagal na. Nakaupo siya sa silid isang araw, at sabi niya, na nakatingala sa litrato, at si Billy . . . O, si Joseph ay napakahilig sa mga bangka, gaya ng ibang mga munting batang lalaki; mga bangka at mga kabayo, alam n’yo na. At sabi niya sa akin, “Daddy, may bangka po ba si Jesus?”

At sinabi ko, “Hindi ko alam.”

¹³ Kaya’t matapos siyang tumayo at lumabas, nangyaring nakapag-isip ako, “May bangka nga ba Siya?” At humango ako ng isang teksto mula riyon, at minarkahan ko na lamang iyon dito sa aking aklat, “May Bangka ba si Jesus?” At nangyaring napagbulay-bulayan ko. Noong narito Siya sa lupa, kinailangan Niyang humiram ng sinapupunan upang mailuwal, ng puntod upang mapaglibingan, ng bangka kung saan makapangaral, nguni’t Siya ang Kapitan ng lumang barko ng Sion. Tiyak, mayroon nga Siya. Nguni’t, at ang mga tekstong iyon na pinagbulay-bulayan ko, iniisip na baka sakaling makuha ko ang mga iyon sa darating na panahon, bago kami umalis para umuwi.

¹⁴ Alam n’yo na, gustung-gusto kong mangusap dito sa tabernakulo, sapagka’t ito’y ating sariling simbahan. Ating malayang nasasabi ang anumang sinasabi ng Espiritu Santo. Sa ibang lugar, bagama’t nais ng taong mapalagay ka, medyo sikil ang pakiramdam mo dahil—dahil nasa simbahan ka ng iba, at nais mong maging maginoo upang igalang ang kanilang—kanilang mga kaisipan at ang kanilang doktrina.

¹⁵ Nagkaroon ng mainam na panahon nitong linggo roon sa lugar nina Kapatid na Burcham. At ako ay nagpunta sa pagawaan kung saan sila gumagawa ng keso. Nakikita ko siya at ang asawa niya, at anak na lalaki at iba pa sa kanila, ay naririto sa umagang ito. At laging inakala ko noon na ang pagawaan

ng keso ay maging bagay na katulad din ng ibang lugar na napuntahan ko na, oh, na tipong basang-basa at marumi. Naku, isang bagay ang masasabi ko, talagang makatitiyak kayo na ang lugar na iyon ay hindi marumi. Iyon ang pinakamalinis na lugar na napuntahan ko, at lalung-lalo na sa loob ng pagawaan. At hindi ko naisip; ang akala ko, oh, marahil ay gagawa sila ng isandaang libra ng keso sa isang araw. At sila ay gumagawa ng anim na tonelada bawa't araw, at tatlo ang pagawaang gumagana. Naisip ko, "Oh, naku, sino kaya ang kumakain ng lahat ng kesong iyon?"

¹⁶ Nguni't pinagpala ng Panginoon ang lalaking ito. Ako ay nagkaroon ng pribilehiyong makapunta sa kanilang tahanan, isang tunay na kaibig-ibig na tahanan, isang napakabuting matapat na maybahay. At walang dahilan kung bakit sila ay hindi mamuhay para kay Cristo sa bawa't araw, gaya ng ginagawa nila. Nakasalamuha ko ang kaniyang mga anak na lalaki, at sila'y napakabubuting mga anak. Labis tayong nagpapasalamat sa pakikisamang ito na mayroon tayo sa isa't isa.

¹⁷ Napag-alaman ko na ang dati nilang pastor ay isang—isang lalaking kilala ko, si Kapatid na Gurley, isang napakabuting lalaki ng United Pentecostal na pananampalataya, na nakatagpo ko maraming taon nang nakalipas, sa Jonesboro, Arkansas. At hindi alam na sila ay . . . iyon ang pastor niya, pala.

¹⁸ Ngayon alalahanin ang mga gawain mamayang gabi. At pagkatapos, kung lolobin ng Panginoon, sa susunod na Linggo muli ay umaasa kaming makapangusap. At pagkatapos sa palagay ko 'yung sunod na Linggo pagkatapos ay kailangan kong magtungo sa Chicago. Pagkatapos ay mawawala ako ng saglit na panahon, kailangan kong ihatid ang pamilya ko pauwi, pabalik, o pauwi ng Arizona upang sila, ang mga bata, ay muling makapagpatala sa paaralan. At nang sa ganun matigil ang pang-aabala namin sa pastor, kinukuha ang kaniyang mga gawain.

¹⁹ Kaya't, kaya nga kami'y labis na nagpapasalamat kay Kapatid na Neville dahil sa kaniyang kagandahang-loob, alam n'yo na, sa—sa pag-aanyaya sa akin. At siya'y napaka, hindi . . . gusto ko, ang kapatid, isang lalaking tulad niyan, na walang daya, walang pagkamakasari, ito'y tunay na pagiging Cristiano lamang. Gusto ko iyon.

²⁰ Ngayon tayo'y babasa ng ilang Kasulatan at pagkatapos ay magbigay ng mga pahayag. At hindi ko alam kung sadyang anong oras tayo lalabas, sa ganitong mahahabang Mensahe, nguni't sa palagay ko'y . . . Ako'y nangungusap noong isang araw tungkol sa pagsasalita ng napakahaba, at may nagsabi, "Buweno, ngayon, kung ikaw ay—kung ikaw ay magsasalita ng ilang minuto lamang; at kung ikaw ay mangusap sa tipo ng mga kahiwagaan, paano man," sabi, "kami—hindi namin kailanman

maunawa ito.” Sabi, “Basta’t patuloy lang sa pagsasalita, at sa kalaunan ay maihahayag din iyon,” sabi niya. Kaya’t marahil nais ng Panginoon na gawin natin iyon sa ganung paraan.

Magsiyukod tayong muli.

²¹ Panginoon, ang Iyong Salita ay nakalatag na bukas sa ibabaw ng pulpito, at napagtatanto balang araw Ito ay isasara para sa huli Nitong pagkakataon, kung magkagayon ang Salita ay magiging laman na. At sa gayon kami ay—kami’y nagpapasalamat sa pagkakataong ito ngayong umaga. At buksan sa amin, sa pamamagitan ng Iyong Espiritu Santo, ang nilalaman ng Salitang ito na aming babasahin. Nawa’y ituro sa amin ng Espiritu Santo sa araw na ito ang mga bagay na dapat naming malaman. At kami nawa kung ganoon, bilang tugon, ay makinig nang maigi sa bawa’t Salita, timbangin Ito nang husto. At kung gayon nawa yaong mga nakikinig sa pamamagitan ng teyp, nawa’y makinig sila nang maigi. At maintindihan nawa namin kung ano ang nais na ihayag ng Espiritu Santo sa amin. Dahil napagtatanto namin, kung papahiran Niya kami, kung magkaganun ang pagpahid ay hindi nagiging walang kabuluhan. Ito ay para sa isang layunin, na ito’y maaaring gumawa sa ikabubuti, para sa Panginoon. At nawa ang aming mga puso at pang-unawa ay maging bukas, Panginoon.

²² Magkaroon nawa kami ng kalayaang magsalita, at kalayaang makinig, at daanan sa pananampalataya, upang sampalatayanan kung ano ang marinig namin, habang nangagaling iyon sa Salita ng Dios; upang makapaglaan ito sa amin, ng Buhay na Walang Hanggan, sa dakilang Araw na darating. Pagpalain Mo kami sa araw na ito. Sawayin kami kung kami’y nagkakamali. Ipaalam sa amin ang mga nagawang pagkakamali na nasa amin. At pagpalain kami sa daan na tama, nang sa gayo’y malaman namin kung saan ang daang dapat tahakin, at kung papaano kikilos sa pangkasalukuyang mundong ito; upang makapaghatid kami ng karangalan, sa aming pamumuhay dito, kay Jesus Cristo, Na namatay upang mapagkalooban kami ng Buhay sa dakilang araw na darating. Aming hinihiling ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

²³ Ngayon nais kong bumasa sa dalawang dako lamang ng Kasulatan, sa umagang ito. At ang isa sa kanila ay masusumpungan lamang sa Aklat ng Exodo. Sa totoo lang, pareho silang mula sa Aklat ng Exodo. Ang isa, sa ika-13 kabanata, at sa ika-21 at ika-22 talata. At ang kasunod ay ang ika-14 na kabanata, sa ika-10, ika-11 at ika-12 na mga talata. Ngayon babasa ako mula sa Exodo 13:21.

At ang PANGINOON ay nangunguna sa kanila sa araw, sa isang haliging ulap, upang patnubayan sila sa daan; at sa gabi. . . isang haliging apoy, upang tanglawan sila; upang sila’y makapaglakad sa araw at sa gabi:

Ang haliging ulap sa araw, at ang haliging apoy sa gabi, ay hindi humihiwalay sa harapan ng bayan.

24 Ngayon sa Exodo 14, at sa ika-10 talata.

At nang si Faraon ay nalalapit, ay itiningin ng mga anak ni Israel ang kanilang mga mata, at, narito, ang mga Egipcio ay sumusunod sa kanila; at sila'y natakot na mainam: at ang mga anak ni Israel ay humibik sa PANGINOON.

At nang magkagayon ay sinabi . . . Moises, Dahil ba . . . (ipagpaumanhin ninyo)

At kanilang sinabi kay Moises, Dahil ba sa walang libingan sa Egipto, kung kaya dinala mo kami rito upang mamatay sa ilang? bakit ka gumawa ng ganito sa amin, na inilabas mo kami sa Egipto?

Di ba ito ang sinalita namin sa iyo sa Egipto, na sinasabi, Pabayaan mo kami, na makapaglingkod sa mga Egipcio? Sapagka't lalong mabuti sa amin ang maglingkod sa mga Egipcio kay sa kami ay mamatay sa ilang.

25 Babasa pa ako ng ilan pang mga talata.

At sinabi ni Moises sa bayan, Huwag matakot . . .

Ngayon makinig nang maigi rito.

. . . sinabi ni Moises sa bayan, Huwag kayong matakot, tumigil kayo, at tingnan ninyo ang pagliligtas ng PANGINOON, na gagawin . . . sa inyo ngayon: sapagka't ang mga Egipcio na inyong nakikita ngayon, ay hindi na ninyo uli makikita magpakailan man.

Ipakikipaglaban kayo ng PANGINOON, at kayo'y tatahimik . . . sinabi ng PANGINOON kay Moises, Bakit humihibik ka sa akin? salitain mo sa mga anak ni Israel na sila'y magpatuloy na yumaon:

At itaas mo ang iyong tungkod, at iunat mo ang iyong kamay sa ibabaw ng dagat, at hawiin mo: at ang mga anak ni Israel ay dadaan sa gitna ng dagat sa ibabaw ng lupang tuyong.

At ako, narito, aking papagmamatigas ang puso ng mga Egipcio nang sa gayon ay susundan nila sila: at ako'y magiimbot ng karangalan kay Faraon, at sa buo niyang hukbo, at sa kaniyang mga karro, at sa kaniyang mga nangangabayo.

At malalaman ng mga Egipcio, na ako ang PANGINOON, pagka ako ay nakapagimbot ng karangalan kay Faraon, sa kaniyang mga karro, at sa kaniyang mga nangangabayo.

At ang anghel ng Dios na nasa unahan ng kampamento ng Israel, ay humiwalay at napasa-hulihan nila; at ang haliging ulap ay humiwalay. . . sa harap nila, at lumagay sa likod nila:

At naging sa pagitan ng kampamento ng Egipto at ng kampamento ng Israel; . . . mayroong ulap at kadiliman, gayon ma'y binigyan sila ng liwanag sa gabi: at ang isa't isa ay hindi nagkalapit sa buong magdamag.

At iniunat ni Moises ang kaniyang kamay sa ibabaw ng dagat; at pinaghiwalay ng PANGINOON ang dagat sa pamamagitan ng isang malakas na hanging silanganan ng buong magdamag, at ang dagat ay pinapaging tuyong lupa, at ang tubig ay nahawi.

At ang mga anak ni Israel ay pumasok sa gitna ng dagat sa ibabaw ng tuyong lupa: at ang tubig ay naging isang kuta sa kanila, sa kanilang kanan at sa kaliwa.

At hinabol sila ng mga Egipcio, at nagsipasok na kasunod nila sa gitna ng dagat, lahat ng mga kabayo ni Faraon, ang kaniyang mga karro, at ang kaniyang mga nangangabayo.

At nangyari, sa pagbabantay sa kinaumagahan, na minasdan ng PANGINOON ang hukbo ng mga Egipcio sa gitna ng haliging apoy at . . . ulap, at niligalig ang hukbo ng mga Egipcio,

At inalisan ng gulong ang kanilang mga karro, na kanilang hinila ng buong hirap: na ano pa't sinabi ng mga Egipcio, Tumakas tayo sa harap ng Israel; sapagka't ipinakikipaglaban sila ng PANGINOON at sa mga Egipcio.

²⁶ Ang Salita ng Panginoon ay napakadakila, napakabuti, sadyang walang paraan upang tigilan ang pagbasa Nito. Sadyang nagiging Buhay Ito, habang binabasa natin Ito. Sa paniwala ko, sa tekstong ito ngayong umaga, bagama't nakateyp ito, nais kong sabihin ito sa pagsisimula, nakasusumpung ito, nasumpungan ko ang aking sarili. At ang dahilan kaya ako ay. . . Kahapon, habang nasa pag-aaral, at ako'y humantong sa paksang ito, at pagkatapos naisip ko, "Ako na lamang ay, kung loloobin ng Panginoon, mangungusap tungkol diyan, sapagka't sadyang inuudyukan ako nito." At umaasa akong nauudyukan tayong lahat nito, upang makita natin, at magbunsod sa atin upang magsaliksik; at upang mag-aral ng kaunti, sa pagkukumpara ng araw na iyon noon, ang. . . sa araw na nasa kasalukuyan.

²⁷ Nais kong kumuha ng tatlong salita bilang teksto, at iyon ay: *Bakit Ka Humihibik? Magsalita Ka!* Sinabi ng Dios kay Moises, dito sa ika-15 talata, "Bakit ka humihibik sa Akin? Salitain

mo sa bayan, na sila'y magpatuloy na yumaon." At: *Bakit Ka Humihibik? Magsalita Ka!*

²⁸ Ngayon, tayo ay may pambihirang paksa, at sisikapin kong bilisan sa abot ng aking makakaya, sa patnubay ng Espiritu Santo. At nais kong pag-isipan ang... ang tekstong ito, patungkol kay Moises na umiiyak sa Dios, sa panahon ng kabagabagan; at ang Dios na sinasaway si Moises, sa panahon mismo na ang kabagabagan ay—ay nagaganap. At iyon ay sadyang kalikasan, tila ba, para sa isang tao ang umiyak. At pagkatapos anong laking—pagsaway iyon para ang Dios na bumaling at sawayin siya dahil sa pagsasabi nito, dahil sa pag-iyak niya sa Kaniya. Iyon ay para bang napakahirap na bagay.

²⁹ Maraming pagkakataon kapag tinitingnan natin ang mga Kasulatan, sa sarili nating paraan ng pagtingin, tila napakahirap nito. Nguni't kung pag-aralan natin Ito pansumandali, ating masusumpungan na ang marunong-salahat na Dios ay sadyang alam kung ano ang ginagawa Niya. At alam Niya kung paanong isasagawa ang mga bagay na ito at kung paanong makitungo sa tao. Nalalaman Niya kung ano'ng nasa loob ng tao. Siya, kilala Niya siya. Hindi natin kilala. Ang tanging alam natin ay sa intelektuwal na panig. Nababatid Niya kung ano talaga ang nasa loob ng tao.

³⁰ Si Moises ay isinilang sa mundong ito, at isang batang tapagkalooban. Siya'y isinilang na maging isang propeta, isang tagapagpalaya. Siya ay isinilang na taglay ang kasangkapang isinilang sa kaniya, katulad ng bawa't taong naparito sa mundo ay isinilang na taglay ang gayong kasangkapan, katulad ng mahigpit kong paniniwala sa—sa paunang kaalaman ng Dios, ang pagtatalaga.

³¹ "Hindi sa ibig ng Dios na mapahamak ang sinuman, bagkus ang lahat ay makarating sa pagsisisi." Nguni't, bilang Dios, dapat ay alam na Niya, at sadya ngang, "alam ang katapusan buhat sa pasimula." Kita n'yo? Kung hindi Niya alam, kung ganun Siya ay hindi walang hanggan; at kung Siya ay hindi walang hanggan, hindi Siya Dios. Kaya't hindi Niya ibig, walang alinlangan, na sinuman ay mapahamak, nguni't Siya—Siyang nakaalam kung sino ang mapapahamak at kung sino ang hindi mapapahamak. Iyan ang dahilan, ang pinaka layunin ng pagparito ni Jesus sa lupa, ay ilitgas yaong mga tao na ang Dios, sa pamamagitan ng Kaniyang paunang kaalaman, ay nakita yaong gustong maligtas, kita n'yo, sapagka't ang buong sanlibutan ay nahatulan. At hindi ko nakikita kung paano natin ito maituturo sa ibang paraan maliban sa paunang kaalaman ng Dios, at ang Biblia ay malinaw na nagsasabi na Kaniyang "nalalaman ang katapusan buhat sa pasimula," at makapagsasabi nito.

³² Samakatuwid, kapag ang isang—isang tao ay nagsisikap na maging anuman na hindi naman sila ganoon, sila ay gumagawa lamang ng pangagaya, at sa malao't madali ay aabutin kayo nito. Aabutin kayo ng inyong mga kasalanan. Hindi n'yo matatakpan ang mga ito. Mayroon lang isang pantakip sa kasalanan, iyon ay ang Dugo ni Jesus Cristo, at hindi Iyon maipapahid malibang tinawag kayo ng Dios mula pa nang itatag ang sanlibutan. Iyon ang dahilan na ang Dugong iyan ay nabubo; hindi upang yurakan, at gawing katawa-tawa, at—at biru-biruin, at—at pagsalitaan ng masama, at—at iba pa. Ito ay para sa isang tiyak na layunin. Iya'y tama. Hindi upang paglaru-laruan, hindi upang gaya-gayahin, sa pagsasabing natakpan na ang mga kasalanan gayong ang mga iyon ay hindi naman. At walang tao na maaaring matakpan ang kaniyang kasalanan maliban na ang kaniyang pangalan ay nakasulat na sa Aklat ng Buhay ng Cordero bago pa itatag ang sanlibutan. Sinabi ni Jesus, Mismo, "Walang taong makalalapit sa Akin malibang palapitin siya ng Aking Ama. At lahat ng ibinigay ng Ama," pang-nagdaan, "sa Akin, ay magsisilapit sa Akin." Tama 'yan. Kaya't hindi mo maaaring pagsinungalingin ang mga Salita. Naririyang ang mga iyan para sa Katotohanan at sa pagtutuwid.

³³ At si Moises ay isinilang na may kaloob ng pananampalataya; dakilang pananampalataya ang tinaglay ni Moises. Ating nakita iyon, sa paglipas ng panahon, na lumabas sa kaniya. At siya ay isinilang sa isang kilalang angkan, gaya ng nalalaman natin kung paanong ang kaniyang ama at ina, at nagmula sa lahi ni Levi. Na, ang kuwentong ito, bago pa rito, sa Aklat ng—ng Exodo, ay naisaysay nang napakaganda ang buhay ng dakilang tauhang ito. At isa siya sa—sa mga pinakadakilang tauhan ng Biblia, sapagka't katipung-katipo siya ng Panginoong Jesus.

³⁴ Siya ay isinilang sa isang sadyang kakaibang kapanganakan, tulad ng Panginoong Jesus. Siya ay isinilang sa panahon ng pag-uusig, tulad ng Panginoong Jesus. Siya ay isinilang upang maging isang tagapagpalaya, tulad ng Panginoong Jesus. Siya'y itinago ng kaniyang mga magulang, palayo mula sa kaaway, tulad ng Panginoong Jesus. At Siya ay dumating sa panahon ng kaniyang paglilingkod, tulad ng Panginoong Jesus. Isa siyang pinuno, tulad ng Panginoong Jesus. Isa siyang propeta, tulad ng Panginoong Jesus. At isa siyang tagapagbigay ng batas, tulad din ng Panginoong Jesus.

³⁵ At nalaman natin na namatay siya sa ibabaw ng Bato, at tiyak na nabuhay siyang muli at lahat na, sapagka't, pagkatapos ng walong daang taon siya ay nakatayo sa Bundok ng Pagbabagong-anyo, nakikipag-usap sa Panginoong Jesus. Kita n'yo? Kinuha siya ng mga Anghel. Walang nakakaalam kung saan siya inilibing. Maging ang diyablo ay hindi alam iyon. Sa totoo lang, hindi ako naniniwalang nailibing siya kailan

man. Ako—ako ay naniniwalang kinuha siya ng Dios, at—at namatay siya sa ibabaw ng Bato na kaniyang sinundan sa buong buhay niya.

³⁶ At siya ay isang ganap na tipo ni Cristo. Isa siyang hari sa mga tao. Isa siyang tagapagbigay ng batas. Isa siyang—isa siyang—isa siyang tagapagbigay-lakas sa bayan. Siya lahat, sa—sa tipo, kung ano si Cristo.

³⁷ Ngayon, pagkatapos, nakitang isinilang siya na taglay itong mga dakilang kaloob at katangiang nasa kaniya, kung ganun kinailangan lamang na masinagan iyon ng Isang Bagay, upang Mabuhay iyon.

³⁸ Kita n'yo, ang binhi ng Dios ay tunay ngang nailagay na sa atin mula pa nang itatag ang sanlibutan. At nang unang nasinagan ng Liwanag na iyon ang binhing iyon, ito ay Binubuhay Nito, subali't ang Liwanag ay kailangang sumilay muna sa binhi.

³⁹ Tulad sa naituro ko nang maraming beses tungkol sa munting babae sa balon, sa kaniyang kalagayang iyon. Bagama't siya'y isang—isang taong may masamang reputasyon, bagama't ang kaniyang—ang kaniyang buhay ay napababang-uri, at siya ay nasa ganung kalagayan sapagka't hindi siya naabot ng mga tradisyon, nguni't, gayunman, nang una siyang tamaan ng Liwanag na iyon, kaagad niya Itong nakilala, 'pagkat may isang bagay doon upang tumugon Dito. "Kapag tumatawag ang kalaliman sa Kalaliman," dapat may Kalaliman saan man na tutugon sa tawag na iyon.

⁴⁰ At si Moises dito ay isinilang na siyang propetang ito, nguni't siya ay pinalaki sa isang paaralang intelektuwal at sa palasyo ng Faraon. Si Faraong Seti, kung saan siya lumaki, ay isang lalaking may karangalan pa rin, at naniwala kay Jose bilang propeta ng Panginoon. Nguni't dumating si Rameses pagkatapos ni Seti, at walang pakialam si Rameses kay Jose. At kaya nga, samakatuwid, doon nagsimula ang kaguluhan, ngayon, noong may tumindig roon na Faraon na hindi nakakikilala kay Jose.

⁴¹ Nguni't ang mga dakilang katangiang ito, pag-uusapan natin ang mga ito pansumandali lamang, at, bago tayo magtungo sa pangunahing bahagi ng teksto. May kakaiba akong paraan ng pagsasaayos ng teksto, pagkatapos bumubuo rito, at tulungan tayo ng Panginoon sa umagang ito habang ating binubuo ito.

⁴² Si Moises, isinilang na taglay ang dakilang kaloob na ito ng pananampalataya. Pagkatapos, siya ay pinahiran at inatasan sa nagniningas na palumpong, upang palayain ang bayan ng Dios. Ngayon, tingnan ang mga dakilang katangian na taglay ng lalaking ito! Siya ay isinilang para sa isang bagay. Ang Dios ay may layunin doon.

⁴³ Ang Dios ay may layunin na kayo'y naparito. Kita n'yo? Kung magagawa n'yo lang, marating ang lugar na iyon, gaano

kalaking abala ang maiiwas n'yo sa Dios at sa inyong mga sarili, rin naman.

⁴⁴ Isinilang si Moises, at pagkatapos siya ay, pagkaraan, siya ay dinala sa—sa dako kung saan siya ay pinahiran. At, pansinin, ang binhing nakahimlay roon na taglay ang intelektuwal na pagkaunawa, na taglay ang buong pananampalatayang siya ay isinilang upang palayain ang bayang ito, at gayunman hindi iyon Nabuhay hanggang sa ang Liwanag na iyon na mula sa nagniningas na palumpong ay masikatan iyon; hanggang sa nakita niya, hindi isang bagay na nababasa niya, kundi isang bagay na nasaksihan niya sa kaniyang mga mata; Isang Bagay na nangusap sa kaniya, at sumagot siya Roon. Oh, gaano ngang Binuhay niyon ang mga bagay.

⁴⁵ Naniniwala akong sinumang lalaki na may isang . . . o babae, lalaki man o babae. At sa palagay ko, sa intelektuwal na pagkaunawa sa kung ano ang paniwala nila sa Salita, at iba pa, hindi kailanman magkakaroon ng ganap na saligang matatayuan hanggang sa makatagpo nila ang Liwanag na iyon na pinapaging realidad ang Salitang iyon.

⁴⁶ Sa palagay ko ay walang iglesya sa nakagawian nito, gaano man ito ka-intelektuwal at maka-batayan, ang iglesyang iyan ay hindi maaaring lumago hanggang sa ang Supernatural ay maipakilala sa kalagitnaan ng mga taong iyon, at makita nila iyon. Isang Bagay na maaari nilang kausapin, na sasagot sa kanila, na nagpapatibay sa nakasulat na Salitang ito.

⁴⁷ Ngayon alalahanin, nang makatagpo ni Moises ang nagniningas na palumpong na iyon, ang Salitang iyon ay napagtibay nang ganap. Iyon ay ang Salita. Hindi na kailangang mag-alala pa si Moises, “Ano kaya ang ibig sabihin lahat ng Tinig na ito? Ano kaya ito na Siyang naririto?” Sapagka’t, naisulat na ng Dios sa Kasulatan, sa Genesis, na, “Ang iyong bayan ay makikipamayan sa ibang lupain, nguni’t maibabalik silang muli pagkaraan ng apat na raang taon, babalik na muli sa bansang ito, dahil sa hindi pa nalulubos ang—ang katampalasanan ng mga Amorrheo.” Ngayon, daan-daang mga taon bago pa iyon, sinabi na ng Dios iyon, “Ang Israel ay makikipamayan at aapihin sa ibang bansa, at mananatili roon ng apat na raang taon. Nguni’t ang Dios, sa pamamagitan ng malakas na kamay, ay ilalabas sila.” Kaya’t, nakikita n’yo, sa pamamagitan ng nagniningas na palumpong na ito . . .

⁴⁸ Alam iyon ni Moises, sa paraang intelektuwal. At yaong binhing taglay niya mula sa pagkasilang, ay nakahimlay sa puso niya. At sinubukan niya, sa pamamagitan ng kaniyang karanasang intelektuwal sa Salita, na sikapin na—na—na ilabas sila, na palayain sila, dahil alam niyang isinilang siya para sa ganoong layunin. Alam niya iyon, yaong panahon. Lahat ng

Kasulatan ay nagsabi na namalagi na sila roon ng apat na raang taon.

⁴⁹ Katulad din ng alam natin ngayon, gaya ng itinanong sa akin ng isang lalaki kani-kanina lang, tungkol sa Pagparito at sa Pag-agaw. Nalalaman natin. Paubos na ang ating panahon, nasa panahon na na ang Pag-agaw ay nalalapit na, at ating hinihintay ang isang pananampalatayang pag-agaw na makapagbubuklod sa Iglesya at magbibigay dito ng kalakasang supernatural, na kayang magbago sa mga katawang ito na pinamumuhayan natin. Kapag nakikita natin ang isang Dios na makapagbabangon ng patay mula sa sahig o kaya'y sa bakuran, at buhayin siyang mali at iharap siya sa atin, kapag nakikita natin ang isang Dios na makapag-aalis ng kanser na kinain na nang lubusan ang isang tao at bangunin siya na isang malakas nang tao, dapat na magbigay iyan ng pananampalatayang pag-agaw sa mga tao. Na, kapag sumilay ang Liwanag na iyon mula sa alapaap, at ang pakakak ay tumutunog na, ang Katawan ni Cristo ay kaagad na titipunin, at babaguhin sa isang sandali at dadalhin sa Kalangitan. Siyanga, dapat mayroong bagay na tulad niyan na nagaganap. At ang ating mga eskwelahan ng teolohiya ay hindi kailanman makagagawa niyan, gayunman ay tama sila sa paraang intelektuwal. Nguni't kailangan mong makatagpo ang Liwanag na iyon! Kailangang masumpungan mo ang Isang Bagay na iyon.

⁵⁰ At heto si Moises, ibinabatay ang dakila niyang pagkatawag sa Salita, at dakila nga iyon, hanggang sa isang araw ay nakatagpo niya ang Liwanag na ito, at ang Mismong Salita ay sumagot sa kaniya. Nang magkagayo'y tinanggap niya ang kaniyang pahid. Na pinahiran niyon kung ano ang taglay na niya, yaong nasa loob, ang—ang talinong sumampalataya roon, ang pananampalatayang nakasalig sa paniniwala niya sa Dios, na naghiwalay sa kaniya mula sa kaniyang ina. At ngayon nang tamaan siya ng Presensiya ng Liwanag na iyon, pinahiran Nito yaong sinampalatayanan niya. Kita n'yo? Napakatinding pahid! At inatasan siya.

⁵¹ Ngayon, alam natin, sa paraang intelektuwal ay narinig niya ang kaniyang ina. Alam niya kung ano'ng magaganap, at alam niyang nabubuhay siya sa panahong iyon. Nguni't narito nasumpungan niyang bigo siya, kaya't siya marahil ay . . . ang pananampalataya niya marahil ay bahagyang bumagsak. Nguni't nang lumapit siya sa palumpong, sinabi ng Dios, "Narinig Ko ang mga paghibik ng Aking bayan, at naalala Ko ang Aking pangako sa kanilang mga magulang, kina Abraham, Isaac, at Jacob, at bumaba Ako." "Ako," hayun, ang—ang panghalip na panao, "Ako'y bumaba upang iligtas sila."

⁵² At ngayon, at maaari bang idagdag ko ito kung ito'y . . . Patawarin ako ng Dios kung tila isa itong kalapastanganan. "Hindi ako gumagawa sa ibabaw ng lupa, liban sa pamamagitan

ng tao. Ako—Ako—Ako ang Puno ng Ubas; kayo ang mga sanga. At inihahayag Ko lang ang Aking Sarili kapag nakasumpong Ako ng isang lalaki. At pinili Kita, at isinusugo Kita roon upang ilabas sila.” Kita n’yo? Ngayon pansinin, “Ako’y sasaiyong bibig, at Ako. . . kunin mo ang tungkod na ito.”

⁵³ At sabi ni Moises, “Maaari ko bang makita ang katunayan na Iyo ngang isusugo ako, at pinahiran Mo ako, at gagawin Mo ang mga bagay na ito?”

Sabi, “Ano ang hawak mo sa iyong kamay?”

Sabi niya, “Isang tungkod.”

Sabi, “Ihagis mo sa lupa.” Iyon ay naging ahas. Umiwas siya.

⁵⁴ Sinabi Niya, “Damputin mo ito.” Muli iyong naging tungkod. Sabi, “Ipasok ang kamay mo sa iyong sinapupunan.” Inilabas iyon, at naging ketungin iyon. Ipinasok iyong muli, at gumaling iyon.

⁵⁵ Nagsabi, “Kaniyang nakita ang kaluwalhatian ng Dios.” Wala nang katanungan pa, para kay Moises. Napansin ba ninyo, hindi na siya muling tumakbo pa sa ilang? Nalaman niyang siya’y pinahiran. Nalaman niya kung nasaan, ang lahat ng bagay na iyon na matagal na niyang taglay sa puso niya, ang mga dakilang katangiang iyon, at siya. . . mga pinahiran na ang mga iyon ngayon. Siya, handa na siya. Handa na siyang humayo. Kaya’t doon sa Egipto siya’y nagtungo.

⁵⁶ Ang Dios ay nagsabi, “Ako’y sasaiyo,” kung kaya’t—iyon ay ayos na. Kung, “Ako’y sasaiyo,” iyon lang ang kailangang malaman ni Moises, para sa dakilang pagkatawag na iyon sa kaniyang puso. At ngayon sinabi ng Dios, “Ako’y sasaiyo.”

⁵⁷ Ngayon, pinagtibay din ng Dios ang kaniyang, ang mga pahayag ni Moises. Ipinahayag ni Moises, “Nakatagpo ko ang Panginoon. At sinabi Niyang sabihin ko sa inyo, si ‘AKO NGA’ ang nagsugo sa akin.” Kita n’yo?

⁵⁸ Ngayon sabi nila, “Heto ang isang lalaki, isa na namang Judio, marahil ilan sa mga panatikong ito na palagi na lang dumarating na may kung anu-anong pakana upang ilabas tayo mula sa pagkaalipin.” At alam n’yo na kung paano ang mga tao kapag sila’y mga alipin, o kaya’y inaalipin sa isang bagay, mayroon laging kung anong pakana na dumarating, alam n’yo na, upang gawin iyon.

⁵⁹ Kaya’t, si Moises, ipinangako ng Dios kay Moises, “Ako’y sasaiyo. Ako’y sumasaiyo. Ang mga Salita Ko’y magiging mga Salita mo. Salitain mo ang Aking mga Salita at sabihin mo lang kung ano’ng sinasabi Ko.”

⁶⁰ At ngayon nang magtungo roon si Moises at inihatid sa kanila ang panawagang ito, at tumayo sa harap ni Faraon, at sinabi sa kaniya, “Sinabi ng Panginoong Dios ng mga Hebreo, ‘Ilabas mo ang mga anak.’” At ayaw niya silang payagang

umalis. Kaya't siya—siya ay gumawa ng isang tanda sa harapan ng mga matatanda at sa harapan ni Faraon, at mga tanda na ginawa ng Dios. Sinabi niya, “Ngayon, bukas, sa mga ganito ring oras, ang araw ay lulubog. Magdidilim sa buong Egipto,” at nangyari iyon nang tugmang-tugma. At pagkatapos ay sinabi niya, “May—may magsisidating na mga langaw sa ibabaw—sa ibabaw ng lupain,” at iniunat niya ang kaniyang tungkod at tumawag ng mga langaw, at ang mga langaw ay nagsidating. At siya'y nagpropesiya, at ang lahat ng iprinopesiya niya ay naganap nang ganoong-ganoon. Iyon ay ang Dios. Kita n'yo?

⁶¹ Tinawag siya ng Dios mula pa sa kaniyang pagkasilang, naglagay ng mga katangian sa kaniya, ng dakilang pananampalataya, at pagkatapos ay bumaba sa pamamagitan ng Kaniyang Presensiya at pinahiran ang dakilang bagay na iyon na nasa kaniya, at sinugo siya roon taglay ang Kaniyang Salita, at siya ay pinagtibay nang husto sa mga pahayag niya. Kahit gaano man karaming bulaan ang nagsilitaw, gaano man karami itong iba pang mga bagay na naganap, ang Dios ay nangungusap kay . . . kinilala si Moises. Si Moises, anumang sinabi ni Moises, ay kinikilala ng Dios. Nais kong huwag na huwag ninyong kalimutan ang Salitang iyan. Anumang sinabi ni Moises, kinikilala ng Dios, sapagka't ang Salita ng Dios ay nakay Moises. “Ako'y sasaiyong bibig; sasalitain nito ang mga tamang bagay.” Ngayon, anuman ang sinasabi Dios—anuman ang sinasabi ng Dios, sinasabi Niya ito sa pamamagitan ni Moises, at pinatunayan nito at pinagtibay ang mga pahayag niya.

⁶² Gayundin, siya ay sinabihan ng kaniyang ina, ang tungkol sa mahiwaga niyang pagkasilang, at kung paanong ang panahong iyon ay nalalapit na sa panahon na magkakaroon ng pagliligtas. Sina Amram at—at Jochebed, mga anak na lalaki at babae sa lahi ni Levi, ay nagsimulang manalangin sa Dios upang magsugo ng isang tagapaglitas. At ito'y kinailangang . . . kapag nakikita mo na ang panahon ng pangako ay papalapit na, nagbubunsod ito sa mga tao upang manalangin at mag-asam. At walang pag-aalinlangan na—na si Jochebed ay nagsabi na sa kaniya nang maraming beses, ang kaniyang ina; bilang siya ang kaniyang tagapagturo, rin naman, gaya ng alam na natin ang kuwento. At sinabi sa kaniya kung papaano siyang nanalangin. “At, Moises, noong isilang ka, anak, ikaw ay magandang bata. Kakaiba ka. May bagay na nangyari sa iyong kapanganakan.”

⁶³ Akin nang isinadula ito para sa mga bata, hindi pa katagalan, at sinabi, “Habang si Amram ay nasa silid nananalangin, kaniyang nakita ang Anghel na humugot ng Kaniyang tabak at itinuro iyon sa gawing Hilaga, at nagsabi, ‘Ikaw ay magkakaroon ng anak, at dadalhin niya ang mga anak sa Hilaga patungo sa lupang pangako.’” Isinadula ito para sa maliliit na mga bata upang maunawaan nila iyon; na

ang pag-iisip nila ay di pa abot ang antas na naabot ninyong mga matatanda, at maunawaan ang mga bagay-bagay habang ipinahahayag ito sa inyo ng Banal na Espiritu.

64 Ngayon, bagama't sinabi sa kaniya ng kaniyang ina ang mga bagay na iyon, at nalaman niya iyon, gayunma'y kinailangan niya ng isa pang paghipo. Ang—ang pagtuturo ay mabuti, nguni't kinailangan niya ng isang personal na pakikipag-ugnayan.

65 Iyan ang kung ano ang kailangan ng mundo sa araw na ito. Iyan ang kung ano ang kailangan ng iglesia sa araw na ito. Iyan ang kung ano ang kailangan ng bawa't isa, na mga anak na lalaki at babae ng Dios. Upang maging ganoon, kailangan n'yo ang personal na pakikipag-ugnayan, kita n'yo, Isang Bagay. Kahit pa, alam mo na ang Salita ay totoo, alam mo na Ito ay tama; nguni't kapag Ito ay nakikipag-ugnay, at pagkatapos nakita mo ang bagay ay nangyari, kung ganun alam mong nasa tamang landas ka. Kita n'yo? At, masdan, parati itong magiging ayon sa Kasulatan. Magiging tugmang-tugma ito sa Kasulatan, 'pagkat ito'y nangyari.

66 Ang panalangin ni Amram ay sadyang ganap na sang-ayon sa Kasulatan. Ang mga panalangin nila ay ayon sa ipinangakong Salita. Ipinangako ng Dios na gagawin iyon sa oras na iyon. Ipinanalangin nila iyon, at narito't ipinanganak ang isang angkop na bata. At sila . . .

67 Masdan! Oh, gustung-gusto ko ito! Kita n'yo, sa panahong ipinapapatay ni Faraon ang lahat ng mga bata, kita n'yo, ipinapatay sila sa—sa tabak, sa tabak ng kawal; sila, sinasaksak nila ang mga maliliit na batang iyon hanggang sa mamatay, ipinakain sila sa mga buwaya, ang mumunting mga katawan, hanggang sa ang mga buwaya marahil ay nagsitabaan dahil sa mga katawan ng mga batang Hebreo. Nguni't sinabi ng Biblia, na, "Ang mga magulang ay hindi natakot sa utos ni Faraon na patayin ang mga bata." Hindi sila natakot. Hindi sila takot, sapagka't may bagay silang nakita sa sanggol na iyon, sa pasimula pa. Kanilang nakita ito, na ito ang kasagutan ng kanilang panalangin.

68 At ngayon si Moises ay nagkaroon lahat ng mga ito bilang mga pinagdaanan, kaya't alam ni Moises na siya ay isinugo sa pinaka layuning palayain ang mga anak ng Israel.

69 Kita n'yo, lahat ng mga napagdaanan ay natitipon lamang. Kapag may nakuha kayong anuman, at magawang dalhin ang Biblia, sinasabing, "*Ito* ay mangyayari," at heto't nangyayari nga iyon; "at *ito* ay mangyayari sa ganoong panahon," heto't nangyayari nga; "at *ito* ay mangyayari sa ganoong takdang panahon," hayun nangyayari nga; kung magkagayon ay magkakalakup-lakup ang lahat ng mga iyon at bumubuo ng isang larawan para sa atin.

⁷⁰ Oh, kung paanong ang tabernakulong ito sa umagang ito, kung paanong lahat tayo sa oras na ito, Kapatid na Neville, habang nakikita nating namumuti na ang mga buhok natin, ang ating mga balikat bumabagsak na, kapag nakikita natin ang sanlibutan na gumigiray at nauuga ng ganun na lamang, at kung paano tayong maaaring tumingin sa paligid at nakikitang nalalapat na ang pangako! Ito’y, ito . . . naiisip ko, sa maraming pagkakataon, kung mayroon lamang makasumpong Niyon na minsan, at hindi Iyon maunawaan, o maunawaan Iyon, pala, at masumpungan Iyon nang bigla, halos dalhin ka niyon sa Eternidad, sa ganiyang labis na kagalakan! At hindi iyon namalayan, at basta na lang, oh, lalampas sa mga bagay na nakita natin at malalaman at mauunawaan, at lahat na ay nasusumpungan nang bigla. Ang lalaki, o ang babae, batang lalaki, o batang babae, ay basta na lamang marahil magtataas ng kanilang mga kamay at magsasabing, “Tayo na, Panginoong Jesus,” kita n’yo. Oh, sadyang napakalapit na ng oras na iyon!

⁷¹ Si Moises na nalalamang ipinanganak siya para sa layuning iyon, ay dumungaw sa mga bintang na pinagmasdan silang mga Hebreo habang naghahirap sila sa paggawa; binalikan dito ang Kasulatan, at sinabi nito, “At makikipamayan sila ng apat na raang taon, kita n’yo, nguni’t ilalabas Ko sila sa pamamagitan ng malakas na kamay.” Pagkatapos nang siya’y bumabalik na, matapos maatasan, pinahiran, at nalaman na siya’y isinilang . . . At ang pananampalataya niya ay tumingin, sa pananampalataya ay nakita niya ang mga taong iyon at nalamang mga anak sila ng Dios, ‘pagkat ang mundo . . . ang—ang Salita ay gayon ang sinabi. Hindi sila sa sanlibutan, hindi tulad ng iba sa kanila. Sila’y kakaiba. At sila’y mga baliw at panatiko, sa—sa mataas na garbo ng Egipto; at siya’y nakatakda nang maging anak ni Faraon, ang magmamana ng kaharian, at kasunod. Nguni’t, siya, may kung anong bagay sa loob niya, isang—isang tunay na pananampalataya na hindi tumingin sa mga bagay na iyon, ang marangyang pamumuhay na kaniyang mamanahin. Siya’y tumingin sa pangako ng Dios, at kaniyang nalaman na papalapit na ang oras. At ano nga kaya ang inisip ng taong iyon!

⁷² Nais kong pag-usapan ito kasama niya, balang araw, kapag nakasalamuha ko siya sa kabilang dako. Sasabihin mo, “Kahangalan iyon, kapatid!” Hindi po, hindi iyon kahangalan. Magkikita kami, sa biyaya ng Dios. Opo, ginoo. Kakausapin ko siya, balang araw, si Moises mismo. At gaano ko kagusto siyang tanungin, kung paano, nang makita niya ang kaniyang paghahanda!

⁷³ Kung paano ang mga kalituhan, ang diyablo’y nagsasabi, “Aw, ang mga tao ay hindi maniniwala sa iyo. Huh-uh. Walang—walang anuman iyan.”

⁷⁴ Nguni’t nang Mabuhay ang binhing iyon doon, may kung anong tumama sa kaniya, at nalaman niyang may isang bagay

na magaganap. Nalaman niya. Tumingin sa kaniyang orasan at nakita kung ano na ang oras noon, at alam niya, at gaano kaya siyang nag-isip habang siya'y nagmamasid. Ngayon nang mapaglalakip-lakip na niya ang lahat ng ito, lahat nitong mga dakilang bagay na nakita niya; ang oras ng Kasulatan, ang panalangin ng kaniyang ina at ng kaniyang ama, at siya ay ipinanganak sa di-pangkaraniwang kapanganakan, isang kakaibang bata. At, sa buong panahon, ay may kung anong bagay na nasa loob niya.

⁷⁵ At ngayon siya'y pumuslit at sinisikap isiping gagamitin niya ang kaniyang pagsasanay pang-militar sa kaniyang paaralan, at iligtas ang mga anak, at nabigo iyon.

⁷⁶ Pagkatapos ay nagtungo siya sa ilang at pinakasalan ang isang—isang magandang babaing taga-Ethiopia, at nagkaanak sila ng isang lalaki na nagngangalang Gersom.

⁷⁷ At isang araw habang siya'y nagpapastol, bigla na lamang siyang nakakita ng isang nagniningas na palumpong sa tuktok ng bundok, naglilibab. At pumanhik siya roon. At hindi isang intelektuwal, hindi isang—isang imahinasyon, hindi isang guni-guni, o isang malik-mata, nguni't sa loob niya. . . Naroon ang Dios ni Abraham, nasa isang Liwanag, isang Haliging Apoy na naroon sa isang palumpong, ang Apoy na iyon, tila mga along lumalabas, nguni't hindi niyon natutupok ang palumpong. At ang Tinig ng Kasulatan, ang Tinig ng Dios, ay nangusap doon, at nagsabi, "Ikaw ay pinili Ko. Ikaw nga ang lalaking iyon. Pinalaki Kita sa layuning ito. Pinatutunayan Ko sa iyo rito, sa pamamagitan ng mga tanda, paroroon ka upang palayain ang mga anak sapagka't ang Aking Salita ay kailangang matupad."

⁷⁸ Oh, ang Kaniyang Salita para sa araw na ito ay kailangang matupad. Tayo'y nabubuhay sa oras na iyon. Kahit ano pa ang sinasabi ninuman; ang Salita ay kailangang matupad. Ang langit at lupa ay lilipas, datapuwa't hindi ang Kaniyang Salita.

⁷⁹ Ngayon, nang mapaglalakip-lakip ni Moises itong lahat ng mga bagay, at nakita sa bawa't anggulo, pinahiran nito ang kaniyang pananampalataya. Amen! Oh, naku! Kaygandang kaisipan! Ito, sa sarili, mismong nakita ang Kasulatan na tuwirang tumuturo sa kung ano iyon, at ang pangungusap ng Dios, at ang katibayan nito na naroroon, pinahiran nito kung anong pananampalatayang taglay niya, upang gumana iyon.

⁸⁰ Ano'ng dapat gawin nito sa atin? Kailangan natin ng pagsisisi. Kailangan natin ng rebaybal. Sinasabi ko sa aking sarili mismo. Kita n'yo? Kailangan ko ng pagyuyugyog. May kung anong bagay akong kailangan. Sinabi kong nangungusap ako sa aking sarili sa umagang ito, o tungkol sa aking sarili. Ako—ako—kailangan ko ng isang—isang paggising.

⁸¹ At kapag naiisip ko ang tungkol sa dakilang katibayang iyon, ang lahat ay ganap na nakalatag doon, at pinahiran nito ang

pananampalataya ni Moises. At, naku, nakita niyang walang anuman. . .

⁸² Narito, siya ay tumakas mula sa Egipto, kasama, kung tutuusin, maaari siyang mag-umpisa ng isang—isang pag-aaklas o isang bagay, at maaari sana siyang—maaari siyang magtindig at magpasimula ng isang himagsikan sa Egipto, at maaari niyang nakuha ang isang hukbo at nakipaglaban, datapuwa't, kita n'yo, at may libu-libong nasa panig niya. Nguni't sa halip niyon, siya'y takot nga na gawin iyon, nang may mga hukbo sa kaniyang panig.

⁸³ Nguni't ngayon heto't nagbalik siya, pagkaraan ng apatnapung taon, walumpung taong gulang, na isang tungkod lang ang nasa kaniyang kamay. Bakit? Kung ano yaong nag-aalab sa kaniyang puso ay naging realidad. Siya ay pinahiran na noon, at alam niyang taglay na niya ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Wala nang anumang makapipigil sa kaniya ngayon. Hindi niya kailangan ng hukbo. Ang Dios ay kasama niya. Iyon lang ang tanging kailangan niya; ang sumakaniya ang Dios.

⁸⁴ Oh, kapag batid mo na ang Dios ay isinugo ka na gawin ang isang tiyak na bagay, at nakikita mong iyon ay kumikilos doon, doon—sadyang walang anumang bagay na makapapalit sa lugar nito. Iyon lang.

⁸⁵ Naaalala ko ang mga pagkakataon nang ang Panginoon ay nagsabi sa akin tungkol sa mga bagay na magaganap, at pagkatapos ako ay tutuloy at makikita ko itong naroroon mismo, paanong. . . Oh, anong pakiramdam! Ang sitwasyon ay kontrolado na, iyon lang, kita n'yo, sapagka't sinabi nga ng Dios.

⁸⁶ Naaalala ko, marami sa inyo ang nakaaalala, tungkol sa munting batang lalaki na nabuhay doon sa Finland, at noon mula sa pagkamatay, namatay sa pagkakabundol ng isang kotse. At tumayo ako roon sa gilid ng kalsada, at nagsimulang lumakad palayo sa batang iyon, at pumihit at lumingon. At may nagpatong ng kamay sa balikat ko, at inisip kong si Kapatid na Moore iyon, at walang tao sa paligid ko. At lumingon ako, at pagkatapos ay tumingala ako sa bundok na nakita ko. Sabi ko, "Buweno, nakita ko na ang bundok na iyon sa kung saan, nguni't hindi naman kami dito dumaan. Iba ang dinaanan namin. Nasaan ba ang bundok na iyon?"

⁸⁷ At tumingin ako at nakita ko ang kotseng iyon doon, wasak; nakita ang munting batang lalaking naroroon dala ang kaniyang. . . nakahandusay roon na may—'yung parang palayok na gupit, gaya ng tawag natin dito. Ang mga mata ay nakatirik, katulad ng kay Kapatid na Way noong isang araw nang siya'y mabuwal. At ang maliliit na paa ay lumusot sa medyas, kung saa'y nabali ang kaniyang binti. At umaagos ang dugo mula sa mga mata niya, at ilong, at tainga. At nakita ko ang kaniyang

munting, maiksing pantalon; at nakabutones iyon, sa kaniyang, *dito* at sa may tagiliran ng kaniyang maliit na baywang; at ang nakataas niyang mumunting medyas, katulad ng mahabang medyas na sinusuot natin nang mga lumipas na mga taon.

⁸⁸ At ako ay tumingin sa paligid, at hayun mismo, tugmang-tugma sa pagkakasabi sa akin ng Espiritu Santo dalawang taon bago mangyari iyon, nang isulat ninyong lahat iyon sa inyong mga Biblia sa buong bansa, na mangyayari iyon. Oh, hayun, sa panahong iyon, ang sitwasyon ay nagkaroon na ng kaganapan. Kahit pa na talagang patay na siya, kahit anupaman ang sabihin ng iba; tapos na iyon. Kailangan niyang mabuhay na muli!

⁸⁹ Sinabi ko, “Kung ang batang ito ay hindi bumangon sa mga patay, kung ganun ako’y isang bulaang propeta, isa akong bulaang kinatawan ng Dios. Dahil, sa aking bayan, dalawang taon na ang nakalilipas, sinabi Niya sa akin na mangyayari ito. At naroon ang mga ministrong ito, at ang lahat, nakasulat iyon sa pahina ng Biblia namin, at heto na iyon na ganung-ganoon. Basahin ito mula sa pahina, kung papaanong ‘mangyayari ito sa isang bansa, batong patung-patong, at iba pa, mamamatay, at doon. . . nasa kanang bahagi ng kalsada.” Sabi ko, “Hayan na nga iyon. Wala nang makapipigil nito. Ang sitwasyon ay kontrolado na.”

⁹⁰ Ang pananampalatayang nasa puso ko ay napahiran na. Oh, kung maipapaliwanag ko lang sana iyan! Ang pananampalataya na ang Dios. . . na taglay ko sa Dios, na nagsabi sa akin, at hindi kailanman iyon nabigo, nagsabi sa akin, “Ang sitwasyon ay kontrolado na ngayon. Heto ang eksaktong ipinakita Ko sa iyo may dalawang taon na ang nakararaan, at narito’t nakalatag ito ng sadyang tamang-tama sa pagkakaayos. Ang dapat mo na lang gawin ay ang bigkasin ang Salita.” At ang batang lalaking iyon ay bumangon mula sa mga patay. Kita n’yo?

⁹¹ Nag-iisip ako, at tinitingnan si Kapatid na Fred Sothmann na nakaupo roon, at si Kapatid na Banks Wood at sila. Noong isang araw, doon sa—sa Alaskan Highway, kung paanong tumayo ako rito sa simbahan at sinabi sa inyong lahat ang tungkol sa isang hayop na parang may sungay ng usa, apatnapu’t dalawang pulgada, at isang malaking osong kulay-pilak ang dulo ng balahibo. Hindi pa ako nakapunta roon, at kung paanong ang. . . na makukuha ko iyon, at paanong mangyayari iyon, at kung ilan ang makakasama ko, at kung ano ang suot nilang damit. Alam n’yo iyon, ang bawa’t isa sa inyo, maraming linggo bago pa iyon mangyari.

⁹² At naroon nang magtungo ako roon, hindi nalalaman na, naroon ang hayop na iyon. At ako’y nagtungo, at—at siya. . . ay isang imposible. Kung malalaman ng isang mangangaso, o makakapakinig sa teyp na ito, kung paanong hindi ka

makakalapit nang harapan sa isang hayop, tatalon siya't kakaripas ng takbo. Nguni't hindi siya tumakbo.

⁹³ At naroon siya na nakasabit sa silid ko. Doon nakasabit ang osong kulay-pilak ang dulo ng balahibo, nang ganoong-ganoon. At isang—at may isang panukat na nakalagay roon, isang metrong panukat, upang ipakita ang saktong sukat nito. At ang isang sungay ay sadyang umuurong ng mga dalawang pulgada o higit pa, kapag ito'y sariwa pang nasa hayop at kapag natutuyo iyon, nguni't ang isang ito ay hindi umurong. Ito ay eksakto pa ring apatnapu't dalawang pulgada mula sa dulo. Kita n'yo? Naroon ang osong kulay-pilak ang dulo ng balahibo, ito'y pitong talampakan ang haba, sadyang saktung-sakto, at lahat ay tugmang-tugma kung ano iyon noon, nakalapag iyon doon ngayon.

⁹⁴ Nguni't nang sabihin ng lalaking ito sa akin, “Ngayon, tingnan mo, Kapatid na Branham, nahuli na natin itong hayop na binabanggit mo, nguni't sinabi mo sa akin na makakahuli ka ng isang osong kulay-pilak ang dulo ng balahibo bago ka makababa ng bundok, pabalik sa kung saan ang mga lalaking iyon ay naroroon, doon sa nakasuot ng kulay berdeng damit.”

⁹⁵ Sabi ko, “Iya'y GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Gayon ang sinabi ng Dios.”

⁹⁶ “Nguni't, Kapatid na Branham,” wika niya, “Nakikita ko ang lahat ng bagay rito sa paligid, nang milya-milya, wala talaga. Saan siya manggagaling?”

⁹⁷ Sinabi ko, “Hindi ko na iyon kailangan itanong. Sinabi nga ng Dios! At Siya ang Jehova-Jireh. Makapagpapalitaw Siya ng oso roon. Kaya Niyang maglagay ng isa roon.” At ginawa nga Niya. At hayun na siya. Ang sitwasyon ay kuntrolado na.

⁹⁸ At nang makita ni Moises na ibinangon siya para sa layuning ito, at nakatagpo na niya nang mukhaan, ang dakilang Dios na ito na Siyang tumawag, at nagpahid sa kaniya, at kinilala siya, at nagsabi, “Ito ang pagkatawag mo, Moises. Ikaw ay isusugo Ko, at ipamamalas Ko sa iyo ang Aking kaluwalhatian. At narito Ako sa isang palumpong, nagniningas. Pumunta ka roon! Ako'y sasaiyo.” Ni hindi na nga siya nangailangan pa ng tungkod. Taglay niya ang Salita, ang pinagtibay na Salita, at doon siya'y humayo. Pinahiran nito ang pananampalatayang taglay niya.

⁹⁹ At pinapahiran tayo nito kapag nakikita nating tayo'y nabubuhay na sa huling mga araw, upang malaman ang lahat ng mga tandang ito na ating nakikitang nagaganap, na ipinangusap sa Kasulatan, ay mangyayari sa huling mga araw; mula pa sa Sangkalangitan, tungo sa mga kapangyarihang pulitikal, at ang asal ng mga tao, at ang pagpapasama ng sanlibutan, at sa mga kababaihan, at kung paano sila gagawa sa huling mga araw, at kung paano gagawa ang mga kalalakihan, at kung paano gagawa ang mga iglesya, kung paano gagawa ang mga bansa, at kung

paano gagawa ang Dios. At ating nakikita ang lahat ng ito na nakalatag sa ating harapan.

¹⁰⁰ Oh, pinapahiran nito ang ating pananampalataya. Inilalabas tayo nito sa inog ng karamihan. Kita n'yo? Ito—inihihwalay tayo nito sa iba pang mga bagay ng sanlibutan. Kita n'yo? Kahit gaano man tayo kaliit, o gaano man tayo kaminoriya, gaano man tayo pinagtatawanan, ginagawang tampulan ng katatawanan, hindi makapagbabago iyon ng katiting man. Iyon lang. Nakikita natin iyon. May isang bagay sa loob natin. Tayo ay itinalaga upang makita ang oras na ito, at walang anumang makapipigil sa atin na makita ito. Amen! Dito'y sinabi ito ng Dios. Ito'y—ito'y naganap na. Nakikita na natin ito. Oh, ganoon na lamang ang pasasalamat natin sa Dios dahil dito! Oh, pagkatapos, inilalabas nito ang pananampalataya mo kapag nakikita nating nagaganap ang mga bagay na ito rito.

¹⁰¹ Ngayon, dito muli nating nababasa na, “Inaring malaking kayamanan ni Moises ang kadustahan ni Cristo kaysa sa mga kayamanan ng Egipto.” Ngayon, pinahalagahan niya ang—ang kadustahan ni Cristo.

¹⁰² Ngayon tandaan, “ang kadustahan ni Cristo.” Kita n'yo, may kadustahan sa paglilingkod kay Cristo. Kung sikat na sikat ka sa sanlibutan, kung gayon ay hindi ka maaaring maglilingkod, hindi ka naglilingkod kay Cristo. Hindi, hindi mo magagawa. Sapagka't, kita n'yo, may kalakip Itong kadustahan. Ang sanlibutan noon pa ma'y lagi nang nang-aalipusta.

¹⁰³ Noon pa man, libu-libong taon na ang nakararaan, may kadustahan nang kasama Ito. At si Moises na nakatakda nang maging faraon, siya na ang kasunod na magiging faraon, anak ng Faraon. At siya na ang kasunod na magiging faraon, na may pagsang-ayon ng mga tao, at gayon ma'y kaniyang “itinuring...” Ang inari ay nangangahulugang—“pinahalagahan.” “Kaniyang pinahalagahan ang kadustahan ni Cristo na mga lalong dakilang bagay kaysa sa lahat ng kayang ipagkaloob ng Egipto sa kaniya.” Ang Egipto ay nasa kaniyang mga kamay. Nguni't, gayunman, alam niyang ang pagpili sa landas ni Cristo ay isang kadustahan, nguni't sadyang maligaya siya na malamang may isang bagay sa loob niya, na nagbunsod sa kaniya upang pahalagahan itong paglapit kay Cristo, kadustahan ni Cristo, pala, na mas higit kaysa sa lahat ng karangyaan na kaniyang—kaniyang minana. Siya'y may manang taglay sa loob niya na higit kaysa sa ibinigay sa kaniya ng panlabas niyang minana.

¹⁰⁴ Oh, kung maging ganiyan lang sana tayo ngayon, at hayaang pahiran ng Espiritu Santo yaong nasa kalooban natin, ang pananampalatayang iyon, tungo sa maka-Dios na buhay, inilaan kay Cristo!

105 Ngayon, sa ganung labis na pananampalataya na tulad sa taglay niya, napansin niya, at itinuring niya ang kadustahang iyon na isang karangalan.

106 Sa araw na ito, maaaring sabihin ninuman, “Hoy, isa ka ba sa mga taong iyon, mga ‘yun?”

“Uh, uh, buweno, uh.” Medyo ikinakahiya mo ito.

107 Nguni’t itinuring niya iyong mas malaking kayamanan kaysa sa buong mundo, sapagka’t na may isang bagay siyang taglay sa loob niya na maihahayag niya at masasabi, “Siyanga, aking—aking itong pinahahalagahan. Ikinararangal itong labis. Ikinagagalak kong maging isa sa kanila.” Kita n’yo? “Ikinagagalak kong mapabilang ang aking sarili na isang Hebreo at hindi isang Egipcio.”

108 Ang mga Cristiano sa araw na ito ay dapat ganito rin ang sabihin. “Ikinagagalak kong ituring ang sarili ko bilang isang Cristiano, na umiwas sa mga bagay ng sanlibutan at sa kalakaran ng sanlibutan. Hindi lamang isang kaanib ng simbahan, kundi isang Cristianong isinilang na muli na namumuhay ayon sa Kasulatan. Bagama’t tawagin akong, maging ng mga kaanib ng simbahan, ‘isang panatiko,’ gayunma’y aking—aking—aking pinahahalagahan iyon na higit na dakila—higit na dakilang bagay kaysa kung ako ang maging pinakasikat na tao sa lungsod o sa buong bansa. Mas gugustuhin ko pang maging ganoon kaysa maging Pangulo ng Estados Unidos, o—o kaya’y ang hari ng buong mundo. Kita n’yo? Ako—taas kong pinahahalagahan iyon, sapagka’t ang Dios sa Kaniyang habag, bago pa itatag ang sanlibutan—sanlibutan, ay nakita ako, at—at naglagay ng munting binhi roon sa loob, na ang pananampalataya ko’y makalipad sa ibabaw nitong mga bagay ng sanlibutan. At ngayon ay tinawag Niya ako, at aking—kinikilala ko ang aking dako.”

109 Gaya ng sinabi ni Pablo, pinahalagahan niya ang kaniyang tungkulin na may lubos. . . kita n’yo, at, oh, na tinawag siya ng Dios mula sa pagiging dakilang gurong kagaya ni Gamaliel. Nguni’t si Pablo ay tinawag upang maging isang hain kay Cristo. Kita n’yo? Ngayon ay ganoon din.

110 Pansinin, taglay ang ganoong pananampalataya, hindi siya nagtiwala sa paningin niya, kung ano ang makikita niya. Ngayon, wala siyang nakita roon sa labas liban sa isang lupon ng—ng mga taong nagdadala ng putik, mga alipin, nakabilanggo, pinapatay araw-araw, hinahampas ng mga latigo, pinagtatawanan, ang kanilang relihiyosong mga paniniwala, “mga panatiko.” At naroon ang isang faraong nakaluklok sa trono, na hindi alam o kinilala ang anuman hinggil sa relihiyon nila. Wala siyang anumang alam tungkol dito. Siya ay isang pagano, kung kaya siya lamang ay. . . Anong larawan ito sa araw na ito! At hayun nga ito, isang kakaibang relihiyon. At paano

na kung—kung ang Moises na ito, bagama't nakaluklok mismo kasama ng presidente, o ng—o ng dakilang lalaking iyon, si Faraon, na hahalili sa kaniya kapag namatay siya, at matanda na siya. At gayon ma'y inisip ni Moises na ang tawag na iyon. . . Dumungaw siya roon, at iyon din ang bintanang dinungawan ni Faraon, 'pagkat siya'y nasa bahay niya.

111 At si Faraon ay dumungaw at nakita ang mga taong iyon na nagtataas ng kanilang mga kamay, at sila'y kukuha ng latigo at lalatiguhin sila hanggang sa mamatay dahil sa sila'y nananalangin. Tinutusok nila sila ng tabak dahil sa sila ay nabigo man lang, na sumuway sa kahit anong panahon, at pinagtatrabaho sila hanggang sa ang kanilang mga matatanda't payat na katawan ay mabuwal, at bibigyan sila ng di-sapat na pagkain. “Buweno, sila ay walang anupaman kundi isang kalipunan ng mga panatiko, na hindi nga maituring na mga tao.”

112 At gayunma'y si Moises, ang pananampalatayang iyon na sa loob niya, ay tumingin sa kanila, at sabi niya, “Sila ang mga taong pinagpala ng Dios.” Amen. Gusto ko 'yon. Taglay ang ganung pananampalataya, ang kaniyang mga mata ay hindi nasilaw sa karangyaan ng Egipto, iyon ay natuon sa pangako ng Dios. Ang kaniyang mga matang-agilang pananampalataya ay tumagos sa karangyaan ng Egipto. Siya, alalahanin, nagiging agila na siya ngayon. Isa siyang propeta, at ang kaniyang mga matang-agila ay higit na mataas kaysa sa mga bagay na iyon. Oh, gustung-gusto ko iyan! Huh! Naku!

113 Gaano kalimit ngayon, sa araw na ito, ang mga Cristiano ay nakasandig sa kanilang mga pandama, at sa kung ano ang kanilang makikita, o sa kung ano ang kanilang mauunawaan, sa halip na sa pananampalataya nila, ang sumandig sa kung ano ang nakikita n'yo sa inyong mata at sa mga karangyaan. Gaya ninyong mga kababaihan, lagi akong nananawagan sa inyo, patungkol sa dapat n'yong pahabain ang buhok ninyo, hindi kayo dapat magmeyk-ap, dapat kayong kumilos tulad sa mga binibini at mga Cristiano. Magmasid kayo roon sa lansangan at tingnan ang kababaihan ngayon na nakadamit ng mahalay. Buweno, iniisip mo, “Buweno, kasapi siya ng iglesya, bakit hindi ko maaaring gawin iyon?” Kita n'yo? “At pinuputulan niya ang kaniyang buhok, bakit—bakit hindi ko maaaring gawin iyon? Buweno, tila mabait naman siya at matalino din naman, at personalidad na wala man lang ako. Buweno, bakit hindi ko maaaring gawin iyon? Dapat ay gawin ko iyon.” Kapag ginawa mo iyon, pinaparalisa mo ang iyong pananampalataya. Kita n'yo? Hindi mo binibigyan ng pagkakataong lumago ang iyong pananampalataya. Magsimula kayo riyan, katulad ng sinabi ko.

114 May nagsabi, “Kapatid na Branham, ang bansa, ang mga tao, ay kinikilala ka bilang isang propeta. Hindi mo dapat hinihiyawan ang kababaihan nang ganiyan, at ang kalalakihan,

sa mga bagay na ito. Ikaw, dapat turuan mo sila kung paanong—paanong magpropesiya at tumanggap ng mga kaloob.”

115 Sabi ko, “Paano ko sila tuturuan ng algebra samantalang ni hindi nga nila alam ang kanilang ABAKADA?” Kiya n’yo?

116 Ngayon magsimula ka lang riyan. Ayusin mo ang iyong sarili nang sa ganoon kapag lumakad ka sa daan ay magmukha kang Cristiano, maski paano, kita n’yo, at pagkatapos ay kumilos kang gaya sa isa. Kita n’yo? At hindi mo magagawa iyon sa ganang sarili mo. Kailangang pumasok si Cristo sa loob mo. At kung ang binhing iyon ay nakahimlay roon, at tamaan iyon ng Liwanag na iyon, ito’y Mabubuhay. Kung hindi iyon Nabubuhay, wala roong bubuhayin. Sapagka’t, tunay na napatunayan na ito sa iba, kita n’yo, iyon ay Nabubuhay kaagad sa sandaling tamaan iyon ng Liwanag.

117 Iyan ay isang saway sa kababaihan, alam ko, sa nakikinig ng teyp na ito, o kaya makikinig pa lang dito. Isa itong saway sa iyo, kapatid na babae. Dapat lang. Dapat lang, sapagka’t ito’y nagpapakita. Hindi mahalaga sa akin kung ano na ang nagawa mo; maaaring naging relihiyoso ka, sa buong buhay mo, marahil ay tumira ka sa simbahan, ang ama mo marahil ay isang ministro, ang asawa mo marahil ay ministro; nguni’t hangga’t sinusuway mo ang—ang Salita ng Dios, ito’y nagpapakita na walang Buhay riyan. Kapag nakikita mong naihayag ang bagay na iyon, at ang Buhay ng Espiritu Santo, masdan Ito kapag tumama Ito sa iba. Tingnan mo kung ano’ng gagawin nila, kung ihahayag Nito iyon sa kanila. Kaya pala . . .

118 Anong—anong laking saway sa mga Fariseong iyon, yaong nagngangalang Jesus, nang mapagkilala Niya ang mga kaisipan nila, Kaniyang tinawag sila, “Beelzebub.”

119 At sabi niyaong hamak na babaing patutot, “Aba, ang Lalaking ito ay ang Mesiyas. Ang mga Kasulatan ay nagsasabi na gagawin Niya ito.” Kita n’yo, yaong itinalaga na nang una pa na binhi ay nakahimlay roon. At nang tamaan iyon ng Liwanag, iyon ay Nabuhay. Hindi mo iyon maaaring pigilan. Hindi mo maaaring itago ang Buhay.

120 Maaari kang kumuha at magbuhos ng halong semento sa isang tumpok ng damo, at patayin iyon sa panahon ng taglamig. Sa susunod na tagsibol, nasaan ang iyong pinakamaraming tutubong damo? Doon mismo sa paligid ng kongkreto. Sapagka’t, yaong buhay na binhing iyon na natakpan ng bato, kapag nagsisimula nang sumikat ang araw, hindi mo iyon mapipigilan. Magpupumilit iyong makalusot doon at sisibol sa gilid niyon at isusungaw niyon ang ulo nito sa kaluwalhatian ng Dios. Kita n’yo, hindi mo maaaring itago ang buhay. Kapag sinisikatan ng araw ang buhay ng halaman, sadyang mabubuhay iyon.

121 At kapag ang Espiritu Santo ay sinisikatan ang Buhay na ayon sa Kasulatan na taglay ng isang tao, mamumunga agad iyon mismo doon. [Pinalalagitik ni Kapatid na Branham ang kaniyang daliri—Pat.] Kita n'yo?

122 Kaya gaano ka man katotoo at katapat, gaano man sabihin na hindi ka ganun, at nagsasalita, sinasabing sila ay. . . Ang mga babaing ito na nagsusuot nitong—nitong mga mahahalay na kasuotan at mga bagay doon, sadyang pangkaraniwang nagpapalabas na hubad, para sa lansangan. Bagama't, hindi ka naniniwalang ganun ka nga, hindi mo mapaniwala ang sarili mo. Maaaring mapatunayan mong hindi ka nangalunya, datapuwa't, sa Aklat ng Dios, ika'y nangangalunya. Sinabi ni Jesus, "Ang sinumang tumingin sa isang babae nang may masamang hangad, ay nagkakasala na kasama niya ng pangangalunya sa kaniyang puso." At inilalantad mo ang iyong sarili sa ganung paraan. Kita n'yo, hindi n'yo ito makikita malibang nakahimlay roon ang Buhay na iyon.

123 Titingin ka sa iba, titingin ka't sasabihin, "Buweno, kilala ko si Kapatid na babaing Jones. Si Kapatid na Jones ay isang. . . Isa siyang ministro. Ang maybahay niya ay ginagawa ang *ganito* at *ganoon*."

124 Hindi mahalaga sa akin kung ano ang ginagawa *niyan*; Ito ang Salita. Sinabi ni Jesus, "Hayaang bawa't salita ng tao ay kasinungalingan, at ang sa Akin ay katotohanan." Ito ang Biblia. At kapag totoong tinatamaan ito ng Liwanag na iyon, kailangang Mabuhay iyon. Sadyang Mabubuhay talaga iyon.

125 Ngayon, ang matalas na mata ni Moises, ang mata niyang agila, ay tumagos ang paningin sa karangyaan ng Egipto.

126 Ang tunay na Cristianong mananampalataya sa araw na ito, anuman ang sinasabi ng iglesia, anuman ang sinasabi ninuman; kapag ang Liwanag na iyon ay tumatama na roon, nakikita nila ang mismong pagpapatibay ng Dios, ang Haliging Apoy na iyon na naroroon, at ang mga tanda at kababalaghan na ipinangako, ang Kasulatang inilalatag, at Nabubuhay iyon; gaano man iyon kaliit, at iilan lang sa minoriya. Ang grupo ng Dios ay laging nasa minoriya. Kita n'yo? "Huwag kayong matakot, munting—munting kawan, ito'y nakalulugod na mainam sa inyong Ama ang sa inyo'y ibigay ang Kaharian." Kita n'yo? Nasasalalo nila iyon. Ang Dios ay ubligado na ihatid sila mula sa bawa't denominasyon, bawa't uri sa lahat ng dako, upang makita Iyon, kung nakatalaga sila sa Buhay.

127 Tingnan n'yo ang matandang si Simeon, nakatalaga sa Buhay. Nang ang Mesiyas ay pumasok sa templo, sa anyo ng isang sanggol sa mga bisig ng kaniyang ina; si Simeon, naroon sa isang silid saanman, nagbabasa. Ang Espiritu Santo ay pinatayo siya, sapagka't siya'y naghihintay. Ang Buhay na iyon ay taglay niya. Ang sabi niya, "Hindi ako mamamatay hangga't sa makita

ko ang Cristo ng Panginoon.” At hayun na nga ang Cristo ng Panginoon sa templo. Ang Espiritu Santo ay ginabayan siya mula sa kaniyang tungkulin, palabas, at lumakad roon at kinarga ang sanggol na iyon, at nagsabi, “Hayaang—hayaang pumanaw ang Iyong lingkod nang may kapayapaan, sapagka’t ang aking mga mata ay nakita na ang Iyong pagliligtas.”

¹²⁸ Naroon ang isang matandang babaing bulag sa sulok, na nagngangalang Ana, na naglilingkod sa Panginoon araw at gabi. Siya rin ay nagsasabi ng prediksiyon, at nagsasabing, “Ang Mesiyas ay parating na. Nakikita ko Siyang dumarating.” Gayunma’y, bulag siya. Sa oras ding iyon, nang Siya ay naroon. . . Ang munting Buhay na iyon na nasa kaniya, na nagsasabi ng prediksyon, “Ito’y paroroon doon! Ito’y paroroon doon! Ito’y paroroon doon!” Nang magkagayon, ang Buhay ding iyon, ang Liwanag ay pumasok sa gusali, sa anyo ng isang Sanggol, bilang “isang anak sa labas,” nakabalot sa Kaniyang lampin, dumaraan sa gusali. At nahagip ng Espiritu Santo ang bulag na matandang babaing iyon, at lumapit siya sa pamamagitan ng Espiritu, pinangunahan tungo sa mga tao, at tumayo sa harap ng Sanggol na ito; at binasbasan ang ina at pinagpala ang Sanggol, at sinabi kung ano’ng magiging hinaharap Nito. Kita n’yo, itinalaga sa Buhay! Kita n’yo?

¹²⁹ Tingnan sila, wala pa nga silang isang dosena. Wawalong kaluluwa lang ang naligtas sa kaarawan ni Noe, hindi masyadong marami, nguni’t lahat ng naitalaga sa Buhay ay pumasok sa panahong iyon. Masdan kung paanong kumikilos ang Espiritu Santo sa bawa’t kapanahunan, pinalalapit ang mga tao.

¹³⁰ Ngayon nalaman nating ang pananampalataya ni Moises ang nagbunsod sa kaniya upang matyagan kung ano ang mangyayari, hindi ang nangyari na. Tumingin sa kinabukasan sa halip na sa araw na ito. Tumingin sa pangako sa halip na sa karangyaan. Masdan ang mga tao sa halip na ang organisasyon. Kita n’yo? Ginawa iyon ng Dios.

¹³¹ Si Lot ay maaabot-tanaw ang panghikayat ng kasaganaan doon sa Egipto, o doon sa Sodoma. Makikita ni Lot ang posibilidad ng isang—ng isang. . . magkamal ng maraming—ng salapi. Nakikita ni Lot ang kasaga- . . . ang maaaring mangyari nang tumingin siya sa Sodoma at maaari siyang maging . . . Dahil sa isa siyang Hebreo, maaari siyang maging dakilang tao roon, sapagka’t isa siyang dakilang intelektuwal na tao, at pamangkin ni Abraham, kung kaya’t pinili niyang magtungo sa Sodoma. Ang katalinuhan ni Lot ang umakay sa kaniya upang makita ang panghalina ng—ng kaginhawahan. Ang katalinuhan ni Lot ang umakay sa kaniya upang makita ang kasaganaan ng—ng karangyaan. Nguni’t, ang pananampalataya niya ay labis nitong naparalisa, hindi niya nakita ang apoy na wawasak sa ganung uri ng buhay.

132 At ganiyan ang mga tao sa araw na ito. Nakikita nila ang mga maaaring mangyari sa pagiging kabilang sa isang kilalang organisasyon, nakikita nila ang mga posibilidad ng pagkakaroon ng magandang katayuan sa lipunan sa piling ng mga tao sa lungsod, nguni't hindi nila nakikita ang posibil-. . .Hindi nila nakikita na paralisado na ang pananampalataya nila. Hayaan n'yong ulitin ko nang sa gayon hindi iyon mapagkamalian sa pagkaunawa. Ang mga kababaihan sa araw na ito, sila, tulad ng sinasabi ko, gusto nilang—gusto nilang kumilos gaya ng mga artista sa pelikula. Ang mga kalalakihan ngayon ay gustong kumilos gaya ng mga komedyante sa telebisyon.

133 Ang mga mangangaral sa araw na ito ay tila nagnanais gawin ang kanilang mga simbahan na tulad sa kung anong uri ng modernong kapisanan, ang pagsapi at iba pa. Kanilang nakikita ang posibilidad ng marahil ay maging isang obispo o isang pangkalahatang tagapamahala, o isang tulad niyan, kung sasang-ayunan nila ang iglesia; tatanggihan ang Kasulatan, samantalang nakalagay na mismo Iyon sa kanilang harapan, na lubusang pinagtibay ng Kapangyarihan ng Dios, at sa pamamagitan ng Buhay na Salita ng Dios na nabubuhay sa mga tao. Gayunman, ayaw nila Iyon. Sinasabi nila, “Ayaw naming mapahalo sa isang bagay na tulad Niyan.” Aalisin nito ang kanilang fellowship card. Mawawala ang kanilang posisyon sa denominasyon. Gayun pa man ay taong tapat, katulad ni Lot, nasa Sodoma, nalalamang mali iyon. Kita n'yo? Kita n'yo? Ano'ng nangyayari kapag ganoon ang ginagawa nila? Pinaparalisa nila ang munting pananampalataya na taglay nila. Hindi iyon uubra.

134 Ngayon, si Moises ay iwinaksi iyon, at isinagawa niya. . . pinaralisa ng kaniyang pananampalataya ang sanlibutan.

135 Ang pananampalataya mo ang paparalisa sa karangyaan, o ang karangyaan ang paparalisa sa iyong pananampalataya. Ngayon, kailangan mong pumili ng isa sa kanila. At inyong nakikita ang Biblia hindi nagbabago. Hindi nagbabago ang Dios. Siya ang hindi nagbabagong Dios.

136 At ngayon makikita natin, ngayon, na ang mga tao sa araw na ito, kita n'yo, sila ay tumitingin sa mga malalaking bagay, ang malaking organisasyon. “Kabilang ako sa *Ganito-at-ganoon*.” Kita n'yo? At nagpupunta sila roon, at, tingnan, walang kaibahan sa mga taong kalye. Wala nang iba pang mga bagay. Sila ay may kaunting intelektuwal na bagay, at nagpapatuloy. Kapag nangusap ka tungkol sa Makalalangit na pagpapagalaing, sa Haliging Apoy, sa Liwanag ng Dios, sasabihin nila, “Kabaliwan iyan.”

137 Isang lalaki ang dumampot sa larawan ng Anghel ng Panginoon, noong isang araw, isang ministrong Baptist, at

pinagtawanan Iyon. Kita n'yo, Iya'y—iya'y pamumusong. Kita n'yo? Wala nang kapatawaran para riyon.

¹³⁸ Iyon ang kung ano ang sinabi ni Jesus, kita n'yo. Iyon ay pamumusong; kapag nakikita mo Ito na ginagawa ang mismong mga gawa na ginawa ni Cristo. At sinabi Niya. . . Nang, nakita nila ang mga gawang iyon kay Cristo, Siya ang Hain, at tinawag nila Siyang “Beelzebub, isang diyablo,” dahil, ‘pagka’t ginagawa Niya iyon. At ngayon sinasabi nila. . . Sinabi Niya, “Pinatatawad Ko kayo riyon. Subali’t kapag dumating ang Espiritu Santo upang gawin ang gayon ding bagay, magsalita kayo ng laban Dito, hindi na iyon kailan man mapapatawad sa inyo, sa sanglibutang ito o maging sa darating.” Kita n'yo? Isang salita lang ang kailangan mong sabihin laban Dito. Kita n'yo? At pagkatapos. . .

¹³⁹ Sapagka’t, kung ang Buhay na iyon, kung ika’y itinalaga sa Buhay na Walang Hanggan, kung gayon ang Buhay na iyon ay sisibol kapag nakita mo Iyon. Makikilala mo Iyon, katulad ng munting babae sa balon, at—at ng mga iba pa. Nguni’t kung wala iyon doon, hindi iyon Mabubuhay, sapagka’t wala roong anumang maaaring Buhayin. Katulad ng sinasabi ng nanay ko noon, “Wala kang makukuhang dugo sa singkamas,” sapagka’t wala iyong dugo. Ngayon, ganoon din iyon.

¹⁴⁰ At pinaparalisa nito ang munting pananampalatayang taglay mo. Matatanaw ni Lot ang karangyaan, nguni’t wala siyang sapat na pananampalataya na makita ang apoy na wawasak sa gayong karangyaan.

¹⁴¹ Mayroon nga kaya tayo sa araw na ito? Iniisip ko kung tayo, buweno, katulad ng mga babaing gustong maging sikat, na gustong kumilos na gaya ng—ng iba pang kababaihan sa iglesya, kung nakikita nilang nais nila na—na kumilos tulad ng iba. Kanilang—kanilang makikita ang mga posibilidad na maging isang—isang—isang mas magandang babae, sa pamamagitan ng pagpipinta. Kanilang makikita ang isang mas magandang babae sa pagkakaroon ng mas batang hitsura, sa pamamagitan ng paggupit ng kanilang buhok at pagkilos ng tulad sa iba, o ng artista ng pelikula. Nguni’t hindi kaya niyan pinaralisa ang kanilang pananampalataya, na malaman na sinasabi ng Biblia na, “ang babaing gumagawa niyan ay isang di-. . . isang hindi kagalang-galang na babae,” at, “ang isang babaing nagsusuot ng damit na panlalaki, ay karumal-dumal sa harapan ng Dios,” mga pantalon, at iba pa, at mga syorts na isinusuot nila. At—at ito’y sadyang nagkakalyo na hanggang sa nakagawian na itong gawin ng mga tao. Iniisip ko kung hindi pinaparalisa ng mga ito ang mismong munting pananampalatayang iyon na taglay nila, maging ang pagsimba, kita n'yo. Iyon ang ginagawa niyon.

142 Ginawa iyon ni Lot, at pinaralisa siya niyon, at pinaralisa niyon ang kaniyang mag-anak na naroroon. Hindi nila iyon makita.

143 Nguni't si Abraham, na may isang—isang pinagtibay na pananampalataya, ang kaniyang tiyuhin, hindi siya tumingin sa karangyaan, ayaw niyang magkaroon ng anumang kinalaman doon, bagama't kinailangan niyang mamuhay nang mahirap at mamuhay sa ganang kaniya. At namuhay si Sarah doon sa ilang kung saa'y mahirap ang takbo ng buhay, sa tigang na lupain. Nguni't hindi nila tiningnan ang karangyaan o ang posibilidad na maging sikat.

144 Si Sarah, ang pinakamagandang babae sa lupain, sinabi iyon ng Biblia. Siya ay maganda, pinakamaganda sa lahat ng babae. At ngayon siya nga'y nanatili at tumalima sa kaniyang asawa, hanggang sa kaniya pa ngang tinawag siyang “panginoon” niya, na tinutukoy ng Biblia, tumuloy doon sa—sa Bagong Tipan; sabi, “Na kayo ang mga anak niya, habang nagsisitalima kayo sa pananampalataya.” Kita n'yo, tinawag ang kaniyang asawa na “panginoon” niya.

145 At ang Anghel ng Panginoon ay binisita ang kanilang templo at. . . o ang kanilang munting tolda roon, at sinabi sa kanila. Wala man lang silang bahay na matirhan; naninirahan sa tigang na lupain. At hayon nga kayo. Nakikita ba ninyong ang panahon ay muling nauulit, nang ganap na katulad ng araw na iyon?

146 Ngayon, si Moises sa kaniyang dakilang pananampalataya, muli, ay makapagsasabi ng “hindi” sa mga pangkasalukuyang bagay ng pangkasalukuyang mundo, at gumagawa ng matuwid na pagpili. Pinili niyang tampalasanin na kasama ang bayan ng Dios. Pinili niyang sumama rito. Bakit? Sa pananampalataya niya! Kaniyang nakita ang pangako. Kaniyang nakita ang huling panahon. Kaniyang natanaw ang kinabukasan, at pinawalan niya ang kaniyang pananampalataya. At hindi niya pinansin kung ano ang nakita ng kaniyang mga mata sa mga posibilidad dito, na siya ang faraon at ang magiging faraon. Siya'y tumingin doon sa kinabukasan.

147 Oh, kung magagawa lang iyon ng mga tao, na hindi nakikita ang kasalukuyang mundo. Kung kayo'y titingin sa kasalukuyang mundo, kayo'y gumagawa ng pagpipili kasama nito. Ikubli n'yo mula roon ang inyong paningin, at tumingin sa pangako ng Dios, doon sa kinabukasan.

148 Sa pamamagitan ng kaniyang pananampalataya ay makakapamilya siya. Pinili nga niyang tawaging anak ni Abraham, at tumangging tawaging anak ni Faraon. Paano niya nagawa, gayong ang buong kaharian. . . Dinaig ng Egipto ang buong mundo. Siya ang hari ng mundo, at bata pa sa gulang na apatnapung taon, heto't handa na kunin ang trono. Nguni't hindi niya tiningnan ang kaniyang katali-. . .

149 Tingnan ang mga babaing marahil ay nakapaligid sa kaniya, araw-araw, laksa-laksa sa mga iyon. Masdan ang karangyaan; maupo't uminom ng alak, at panoorin ang mga naghuhubad na mananayaw sa harapan niya, habang nagsasayawan sila, at pinapaypayan siya ng. . . At mga kababaihan na galing pa sa iba't ibang bahagi ng mundo, at ang mga alahas at kayamanan, ang kaniyang hukbong sandatahan na naroroon. Ang tanging kailangan niyang gawin ay umupo at kumain ng kaniyang masasarap na pagkain, at magsabi, "Magpadala ng isang. . . ipadala ang hukbo na may bilang na *ganito-at-ganoon* doon sa *ganito-at-ganoon*, kubkubin ang bansang iyon. Palagay ko'y gusto ko lang iyon." Iyon lang lahat ang kailangan niyang gawin. Maupo roon, at kanilang pinapaypayan siya, at ibuka ang bibig niya; hayaan na ang—ang maririkit, naggagandahang mga naghuhubad na mananayaw ng araw na iyon, na magbuhos ng alak sa kaniyang bibig, subuan siya ng kaniyang pagkain habang nakayakap sila sa kaniya, lahat ng pinakamagandang babae sa buong mundo. Lahat ng karangyaang naroon, ay naroon mismo sa kaniyang tabi.

150 Nguni't ano'ng ginawa niya? Inilayo niya ang tingin niya roon. Alam niyang handa na ang apoy para roon. Alam niyang nakaabang ang kamatayan sa hanay na iyon. Kita n'yo? Alam niyang ganun nga iyon. At tumingin siya sa lupon ng mga hinamak at tinakwil na mga tao, at sa pamamagitan ng pananampalataya ay pinili niyang magbata sa kadustahan ni Cristo, at tinawag ang sarili niya, "Ako'y anak ni Abraham. Hindi ako anak ng faraong ito. Bagama't gawin n'yo man akong obispo, o diyakono, o arsobispo, o isang papa, hindi ako anak ng bagay na ito. Ako'y isang anak ni Abraham, at hinihiwalay ang sarili ko mula sa mga bagay ng sanlibutan." Amen, amen, at amen! Sa pamamagitan ng pananampalataya, ay ginawa iyon!

151 Kaniyang iwinaksi ang karangyaan. Iwinaksi niya ang posibilidad ng pagiging susunod na obispo, iwinaksi niya ang—ang mga posibilidad ng pagiging susunod na arsobispo, o ang susunod na pangkalahatang tagapamahala sa susunod na botohan, o anuman iyon, iwinaksi niya iyon. Tumanggi siyang tingnan iyon.

152 "Ngayon, kapag naging obispo ako, ako'y papasok at sasabihin ng mga tao, 'Banal na Ama,' o—o 'Doktor *Ganito-at-ganiyan*,' o—o—o—o 'Elder *Ganito-at-ganoon*.' Ganoon na lang nila, lahat ng mga ministro sa pagtitipon, kanilang tatapikin ang balikat ko, at sasabihin, 'Aba, bata, may sinabi ang lalaking iyan, sinasabi ko sa iyo. Oh, sh-sh-sh, tumahimik, parating na ang obispo, kita n'yo. Anuman ang sinasabi niya, iyon ay batas. Kita n'yo, heto't paparating na ang *Ganito-at-ganoon*.'" Maglalakbay ang mga tao mula sa buong mundo upang maging. . . makita ang papa, at halikan ang paa at mga singsing, at iba pa. Gaano, anong laking posibilidad para sa Katoliko, anong laking

posibilidad para sa Protestante, na maging obispo o punong tagapamahala, o anuman iyon, maging isang dakilang tao sa isang organisasyon.

¹⁵³ Nakatingin, gayunman, nguni't, kita n'yo, ang mata ng pananampalataya ay timitingin nang lampas doon. At nakikita n'yo ang katapusan nito roon, kung saan, sinabi ng Dios na ang kabuuan nito ay wawasakin. Ang pananampalataya, ang matang agila na iyon, ay itinataas ka sa ibabaw niyon, at nakikita mo ang kinabukasan, hindi ang ngayon, at pipiliin na tawaging anak ni Abraham.

¹⁵⁴ Si Faraon, na walang pananampalataya, nakita ang mga anak ng Dios bilang “mga panatiko.” Walang pananampalataya, ginawa niya silang mga alipin dahil hindi siya takot sa kung ano ang sinasabi niya. Hindi siya natatakot sa Dios. Akala niya’y dios siya. Inakala niya ang kaniyang—kaniyang mga dios na pinaglilingkuran, na isa siyang obispo, siya ang punong tagapamahala, ang mga dios niya ang may gawa niyon. “Walang anuman dito sa Bagay na *ito* rito,” kaya’t ginawa niya silang mga alipin. Pinagtawanan niya sila, ginawang katatawanan sila. Katulad din ng ginagawa ng mga tao sa araw na ito, ganoong-ganoon din.

¹⁵⁵ Nakita sila ng pananampalataya ni Moises sa lupang pangako, isang pinagpalang bayan. Maaaring maging mahirap ang pakikipagbaka upang madala sila sa pangako, nguni’t pinili ni Moises na sumama sa kanila. Maaari ko pa sanang ilatag iyan, nguni’t tumatakbo ang oras ko. Kita n'yo?

¹⁵⁶ Pansinin, maaaring mahirap na pihitin ang mga taong iyon. “Kailangang mamuhay kang kasama nila, kailangan mong mapabilang sa kanila, at labis na silang naging intelektuwal na hindi mo na sila mapakilos. Kita n'yo? Nguni’t kailangang may isang bagay na maganap doon. Kilangang mayroong maipakitang supernatural sa harapan nila. Magiging mahirap ito. Tatanggihan ka ng mga organisasyon, at ang mga bagay na ito ay mangyayari. Ito’y—ito’y napakahirap, kung ano’ng kailangan mong gawin, nguni’t gayunma’y mamili ka.”

¹⁵⁷ “Kasama nila ako.” Siyanga. Ang pananampalataya niya ang gumawa niyon. Ang kaniyang pananampalataya ay sumiklab. Opo, ginoo. Nakita niya iyon. Naging isang mahirap na bagay ang dalhin sila sa pangakong iyon, nguni’t kaniyang pinili ang sumama sa kanila, pa rin. Kahit ano pa ang ginawa nila sa kaniya, at kung ano ang pagtangi nila sa kaniya, nagpunta pa rin siya. Siya ay lumalabas kasama nila.

¹⁵⁸ Ngayon ay umaasa akong nauunawaan na ninyo. Mabuti. Sumama sa kanila, pa rin. Gawing, maging isa sa kanila, tama ’yan, sapagka’t katungkulan mo iyon. Maaaring maging mabigat ang labanan, at napakaraming dapat susuungin, nguni’t humayo ka pa rin.

159 Datapuwa't pinangunahan siya ng pananampalataya niya upang piliin ang Salita, at hindi ang karangyaan. Pinili niya ang Salita. Iyon ang ginawa ng pananampalataya ni Moises. Nang ang pananampalataya ay tumitingin sa pinakaaba ng Dios. . . Tandaan, narito ngayon ang karangyaan, ang sanlibutan, ang pinakamataas, hari ng sanlibutan. At saan naroroon ang pinangakuan ng Dios? Nasa putikan, mga magpuputik.

160 Nguni't nang ang pananampalataya, nang tumingin ang pananampalataya sa pinakaaba ng Dios, inaari nito itong lalong dakila at mas mahalaga kaysa sa pinakamainam na maipapakita ng sanlibutan. Opo, ginoo. Kapag tiningnan ito ng pananampalataya, kapag makita ito ng pananampalataya, kapag ang pananampalataya sa Salita ay makita ang Salitang nahayag, higit pa ito sa lahat ng karangyaan at pagka-arsobispo at iba pa na maaari mong sabihin. Ang pananampalataya ang gumagawa niyon. Kita n'yo? Makikita mo ang pinakaaba, ang hinamak, ang itinakwil, ang anuman iyon; hayaang nasa pinakamasaklap na nitong kalagayan, at gayunpaman ang pananampalataya ay ituturing iyon na milyun-milyong milya na higit na mataas kaysa sa pinakamahusay na maaaring maibigay ng sanlibutan. Amen! Ganiyan natin inaawit ang awiting iyan, "Pipiliin ko ang daan ng mga hamak ng Panginoon." Kita n'yo? Oh, naku!

161 Sapagka't, kita n'yo, nakikita ng pananampalataya kung ano'ng nais na ipagawa ng Dios. Oh, umaasa akong tumimo iyon. Ang pananampalataya ay hindi tumitingin sa kasalukuyan. Ang pananampalataya ay hindi tumitingin *rito*. Ang pananampalataya ay tumitingin upang makita kung ano ang nais ng Dios, at kumikilos ito nang ayon dito. Iyan ang kung ano ang ginagawa ng pananampalataya. Nakikita nito kung ano ang nais ng Dios, at kung ano ang nais ipagawa ng Dios, at ang pananampalataya ay kumikilos sa pamamagitan niyaon.

162 Ang pananampalataya ay isang pangmalayuang pangitain. Hindi nito ibinababa ang mga pananaw nito. Ito'y nananatiling nakatuon sa puntirya nito. Amen! Alam ng kahit na sinong mahusay na mamamaril iyan. Kita n'yo? Na, ito'y pangmalayuan. Ito'y isang—ito'y isang teleskopyo. Isa itong teleskopyo, na hindi mo ginagamit para tumingin *dito* sa paligid. Hindi mo ginagamit ang teleskopyo upang tingnan kung anong oras na; kita n'yo, hindi mo iyon ginagamit. Datapuwa't ginagamit mo ang teleskopyo upang tumingin sa malayo.

163 At ganoon ang ginagawa ng pananampalataya. Dinadampot ng pananampalataya ang teleskopyo ng Dios, sila kapuwa, ang magkabilang bahagi, ang Bago at Lumang Tipan, at nakikita ang bawa't pangako na ginawa Niya. At ang pananampalataya ay nakikita iyon roon sa malayo, at ang pananampalataya ay pinipili iyon kahit ano pa ang sinasabi ng kasalukuyan

dito. Siya'y tumitingin doon sa dulo. Hindi niya ibinababa ang pananaw niya upang tumingin sa banda *rito*. Siya'y tumitingin doon sa malayo. Pinanatili niyang sentrong-sentro ang puntirya sa Salita. Iyon ang kung anong ginagawa ng pananampalataya. Iyan ang pananampalataya na taglay ng tao na gumagawa ng mga bagay na iyon.

¹⁶⁴ Ngayon masdan. Kung ano ang tinawag ni Faraon, sa tawag, kung ano ang tinawag ni Faraon na *dakila*, ay tinawag ng Dios na "karumaldumal!" Maaaring sinabi ni Faraon, "Tingnan mo, Moises, narito, aba, ikaw na ang susunod na faraon. Aking—aking ipapasa itong sepulkro sa iyo pag-alis ko rito. Ipapasa sa iyo ang setrong ito. Sa iyo na ito. Kita mo? Ngayon, *dakila* ito. Magiging isa kang dakilang tao, Moises. Ikaw na ang magiging obispo. Ika'y magiging *ganito*, *ganiyan*, o *iba pa*. Huwag mo kaming iwanan. Manatili ka rito." Nguni't, kita n'yo, tinawag niya iyong *dakila*, at sinabi ng Dios na iyon ay "karumaldumal!"

¹⁶⁵ Ngayon, kayong mga kababaihan ay mag-isip sandali, gayundin, kayong kalalakihan. Kung ano ang tinatawag ng sanlibutan na *dakila*, tinatawag ng Dios na "karumihan." Hindi ba't sinasabi ng Biblia, "Karumaldumal sa isang babae ang magsuot ng damit na nauukol sa lalaki"? At inaakala ninyong kayo'y magara sa paggawa nito. Kita n'yo? Kayo'y naglalantad lang ng laman ng babae para sa diyablo, at iyon lang. Kaya't, huwag gawin ito.

¹⁶⁶ At kayong mga kalalakihan na namumuhay nang ayon sa mga bagay ng sanlibutan, at nakikisama at nakikibahagi sa mga ito! At kayong mga kalalakiang walang sapat na tapang sa inyo upang patigilin ang inyong mga asawa at mga bagay sa paggawa niyon, nakakahiya kayo! At tinatawag ang mga sarili n'yo na mga anak ng Dios? Mistulang mga sodomita para sa akin. Kita n'yo? Hindi upang saktan ang inyong damdamin, kundi para sabihin sa inyo ang Katotohanan. Ang pag-ibig ay nagtutuwid. Ganoon lagi iyon. Ang ina na hindi inaalagaan ang kaniyang anak, at itinutuwid ito at pinapalo ito, at pinatitino ito, ay isang walang kuwentang ina para roon. Tama 'yan.

¹⁶⁷ Ngayon, at masdan kung ano ang nangyayari ngayon. Nakita ito ni Moises, sa pamamagitan ng pangitain niya. At sinabi ni Faraon na, "*Dakila ito*." Sinabi ng Dios, "Karumaldumal ito." Kaya ang Dios . . . Pinili ni Moises kung ano ang sinabi ng Dios.

¹⁶⁸ Ngayon, pansinin, nakikita ng pananampalataya kung ano'ng nais ng Dios na makita mo. Kita n'yo? Nakikita ng pananampalataya ang nakikita ng Dios.

¹⁶⁹ At ang pangangatuwiran at mga pandama ay nakikita kung ano'ng nais ng sanlibutan na ipakita sa iyo. Pansinin ang pangangatuwiran, "Aba, ito'y pandama lang ng tao. Ito'y tanging—ang tanging dahilan na ito. . . Buweno, di ba't *ito* rin naman ay mabuti?" Kita n'yo? Ganoong-ganoon nga iyon, kapag

ginamit mo yaong mga pandama na salungat sa Salita, kita n'yo, kung ganun iyon ang kung ano ang nais ng sanglibutang makita mo.

¹⁷⁰ Nguni't ang pananampalataya ay hindi tumitingin sa ganiyan. Ang pananampalataya ay tumitingin sa kung ano ang sinabi ng Dios. Kita n'yo? Alam n'yo, iwaksi n'yo ang mga pangangatuwiran.

¹⁷¹ Mga katuwiran, pangangatuwiran, ay nakikita kung ano ang nais ng sanlibutan na makita mo, malaking denominasyon. Buweno, ikaw ba'y isang Cristiano? "Oh, ako'y—ako'y Presbyterian, Metodista, Lutheran, at Pentecostal, kung ano pa. Ako'y *ganito*, *ganiyan*, o kaya'y *iba pa*." Kita n'yo, iyon, mga pandama iyon. "Kasapi ako sa unang iglesya, kita n'yo. Oh, ako'y Katoliko. Ako'y—ako'y *ganito*, *ganoon*." Kita n'yo, sinasabi n'yo iyon. Ngayon, iyan, mga pandama iyan. Gusto mong sabihin iyon dahil ito'y isang denominasyon, isang bagay na malaki. "Buweno, kami—kami—kami ay may mas maraming miyembro, halos, kaysa alin mang iglesya sa mundo, kita n'yo. Kami . . ."

¹⁷² Nguni't iisa lang ang tunay na Iglesya, at hindi mo Ito sinasalihan. Ika'y isinilang Rito. Kita n'yo? At kung isinilang ka Rito, ang buhay na Dios ay kumikilos sa pamamagitan mo, at inihahayag ang Kaniyang Sarili. Kita n'yo? Diyan ay kung saan nananahan ang Dios, sa Kaniyang Iglesya. Ang Dios ay araw-araw nasa Iglesya, sadyang nananahan sa Iglesya. Siya ay nananahan sa iyo. Ika'y Kaniyang Iglesya. Ikaw ang Kaniyang Iglesya. Ikaw ang Tabernakulo na tinatahanan ng Dios. Ikaw ang Iglesya ng buhay na Dios, ang sarili mo. At kung ang buhay na Dios ay nananahan sa Kaniyang buhay na nilalang, kung ganoon ang ikinikilos mo ay sa Dios; kung hindi, kung ganun ay wala ang Dios diyan. Hindi ka Niya pakikilusin nang ganiyan, kapag sinasabi Niya sa Salita rito, ang plano Niya, "Huwag mong gawin iyan," at ginagawa mo pa. Kita n'yo, mali iyon. Kapag tinanggihan mo iyon, kung ganun ipinapakita nito na wala man lang sa iyo ang Buhay. Kita n'yo? Tama iyon.

¹⁷³ Ang pananampalataya ang nanguna kay Moises sa landas ng pagsunod. Pansinin, gumawa si Moises . . . Naroon ang bata pang Faraon, naroon ang bata pang si Moises, kapuwa sila may pagkakataon. Nakita ni Moises ang kadustahan ng bayan, at ibinilang niya iyon na lalong malaking kayamanan kaysa sa lahat ng taglay ng Egipto. At siya, pinangunahan ng pananampalataya, sinunod niya kung ano ang sinabi ng kaniyang pananampalataya sa Salita, at inakay siya nito sa landas ng pagsunod, at sa kahuli-hulihan ay sa Kaluwalhatian, kawalang-kamatayan, hindi na mamamatay, sa Presensiya ng Dios. Ang paningin at mga pandama, ay pinangunahan, at karangyaan, inakay si Faraon patungo sa kaniyang kamatayan,

at sa pagkawasak ng Egipto, ang bansa niya, at hindi na iyon nagbalik pang muli mula noon.

174 Hayan nga kayo. Tumingin ka *rito*, mamamatay ka. Tumingin ka *Doon*, mabubuhay ka. Ngayon mamili ka. Ganoon ding bagay ang inilagay ng Dios sa harapan nina Adan at Eba, sa Halamanan ng Eden. Kita n'yo? Sa pamamagitan ng pananampalataya, kailangan mong mamili.

175 Ngayon pansinin, inakay ng paningin si Faraon patungo sa kaniyang kamatayan, at sa pagkawasak ng kaniyang bayan.

176 Si Moises, taglay ang pananampalataya niya, ay hindi kailanman natakot kay Faraon. Kita n'yo? Hindi niya inalintana kung ano'ng sinabi ni Faraon. Hindi niya inalintana ang tungkol kay Faraon, kung paanong hindi inalintana ng kaniyang ama't ina ang kanilang mga banta. Nang mapagtibay ni Moises sa kaniya, at siya ang taong iyon na magpapalaya sa Egipto. . . o mangunguna sa Israel palabas ng Egipto, hindi niya inalintana kung ano'ng sinabi ni Faraon. Hindi siya natakot sa kaniya. Amen, amen, amen! Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? [Ang kongregasyon ay nagsasabi, "Amen."—Pat.]

177 Walang takot sa pananampalataya. Alam ng pananampalataya ang tungkol doon. Ang pananampalataya, katulad ng palagi kong sinasabi, mayroon itong malalaking masel, at balahibo sa dibdib. Ang sabi ng pananampalataya, "Tumahimik kayo!" at tumatahimik ang lahat. Iyon lang. "Alam ko kung nasaan ako!"

Ang iba pa sa kanila ay nagsasabi, "Buweno, ngayon, marahil ay alam nga niya." Kita n'yo?

178 Nguni't kailangan mong tumayo at ipakita ang iyong mga masel. Iyon lang. Ang pananampalataya ang gumagawa nito.

179 Pansinin, hindi kailanman natakot si Moises kay Faraon matapos pagtibayin ng Dios ang kaniyang pagkatawag. Nang sinampalatayanan ni Moises na tinawag nga siya para roon, nguni't noong sabihin ng Dios sa kaniya roon, "Ganun nga," at nanaog at ipinakita sa harapan ni Faraon, at sa lahat ng iba pa sa kanila, na isinugo siya upang isagawa iyon, hindi kailan man natakot si Moises kay Faraon.

180 Pansinin, ginamit ni Faraon ang karunungan niya kay Moises, gayunman. Masdan. Sinabi niya, "Ito ang sasabihin ko sa iyo, ako—ako'y makikipagkasundo sa iyo." Pagkaraang lamunin siya ng mga salot, sabi niya, "Ako'y makikipagkasundo sa iyo. Humayo lang kayo para sa munting panambahan, ng tatlong araw. Hanggang ganoon lang kayo kalayo, at huwag na kayong lalayo pa roon." Ngunit, alam n'yo, ang. . . Ang mga pandama ni Faraon ang nagsabi sa kaniya ng ganoon, kita n'yo, "Hanggang ganoon lang kayo kalayo, at huwag na kayong lalayo pa roon."

181 Hindi ba't ganiyan din ang nasa atin sa araw na ito? "Kung aanib ka lang ng simbahan, ayos na iyon."

182 Nguni't, alam n'yo, ang pananampalatayang taglay ni Moises ay hindi naniniwala sa relihiyong "hanggang-ganoon lang." Sabi niya, "Aalis kaming lahat. Magtutuloy kami hanggang sa hangganan. Tama iyon. Kami'y tutungo sa lupang pangako. Hindi kami basta lang lalabas dito at magtatatag ng isang denominasyon, at titigil na. Magpapatuloy kami." Amen. "Magpapatuloy ako hanggang sa lupang pangako. Nangako sa amin ang Dios."

183 Gaano karaming Faraon ang mayroon tayo sa araw na ito na tumatayo sa pulpito, mga pinuno ng organisasyon! "Ngayon, kung gagawin mo lang *ito* at gawin *iyon*, ganun lang. Buweno, kita mo, hanggang ganoon lang."

Nguni't sabi ni Moises, "Oh, hindi! Hindi, hindi! Hindi, hindi!" Kita n'yo?

184 Sabi ni Faraon, "Buweno, bakit hindi? Kung ganiyan ang magiging relihiyon mo, sasabihin ko sa iyo kung ano'ng gagawin mo, ikaw na lang at ang mga matatanda ang humayong sumamba, kita mo. Ikaw na lang at ang mga matatanda ang humayong sumamba. 'Pagkat, maaari kayong lahat na magkaroon ng ganoong uri ng relihiyon, nguni't huwag na ninyong dalhin iyon sa mga tao."

185 Alam n'yo ba kung ano'ng sinabi ni Moises? "Wala kahit ni isang paa ng hayop ang maiiwan. Tutuloy kami hanggang sa dulo. Aalis kaming lahat! Hindi ako aalis libang umalis sila. At, habang naririto ako, nasa mga kamay mo ako." Amen. "Hindi ako aalis malibang makaaalis din sila, at iyon lang." Oh, anong giting na lingkod! Amen. "Gusto kong isama ko sila. Dahil ba sa nakuha ko na iyon, at uupo na ako at sasabihing, 'Buweno, ngayon, mabuti na ba *ito*'? Hindi po, ginoo. Gusto namin ang buong bayan, din naman. Bawa't isa sa amin ay aalis." Amen. Sabi niya, "Ni hindi namin iiwanan ang bawa't tupa, o anuman, dito. Wala ni isa mang paa ng hayop ang maiiwan. Lahat kami'y tutungo sa lupang pangako." Amen!

186 "Bawa't isa sa amin! Maging ikaw man ay isang maybahay, o ikaw man ay isang—isang munting dalaga, o ikaw man ay isang matandang babae, o isang binata, o isang matandang lalaki, o maging ano ka man, aalis tayo, pa rin. Wala ni isa man sa atin ang maiiwan." Amen. "Ang bawa't isa sa atin ay aalis, at hindi tayo hihinto sa anupamang bagay." Tama iyon. Naku! Ang mga relihiyon ay talagang nagkaroon ng pagtatalo doon, hindi ba? Oh, naku!

187 Hindi, si Moises ay hindi naniwala dito sa "hanggang-ganoon lang" na relihiyon. Hindi, hindi siya naniniwala roon. Huh-uh. Opo, ginoo. Oh, naku!

188 Maaari tayong manatili riyan nang buong araw, nguni't kailangan ko nang dumako sa aking teksto maya-maya at magumpisang mangaral.

189 Pansinin, pansinin ito, kung gaano kaganda! Oh, gustung-gusto ko ito. Alam n'yo, sa wakas, sinabi ni Faraon, "Lumabas na kayo!" Sadyang sinalot siya ng Dios, sa pamamagitan ng tinig ni Moises. Kaniyang hinampas ang lahat ng bagay. Ginawa niya ang lahat ng dapat gawin. Pinahinto niya ang . . . pinalubog niya ang araw, sa katanghaliang tapat. Ginawa niya ang lahat ng iba pa. Kaniyang—pinagdilim niya ang mga araw. Siya ay nagpalitaw ng mga palaka, pulgas, kuto, lahat ng iba pa, apoy, usok, at kamatayan sa kaniyang sambayanan, at lahat ng iba pa. Ginawa niya ang lahat hanggang, sa wakas, kinailangan nang sabihin ni Faraon, "Lumabas na kayo! Kunin ang lahat ng pag-aari ninyo, at umalis." Oh, naku! Sa Dios ang kapurihan!

190 Nagagalak ako na ang isang tao ay lubusang makapaglilingkod sa Dios hanggang sa siya, ang diyablo, ay hindi na malaman kung ano'ng gagawin sa kaniya. Tama iyan. Sadyang sinunod ang Dios nang lubusan hanggang sa sabihin ng diyablo, "Oh, naku, umalis ka na nga! Ako—ayaw ko nang marinig pa iyan." Tama iyon. Magagawa mo iyon, nang lubusan.

191 Nakikita ngayon, kung—kung hindi pinatotohanan ng Dios si Moises, disin sana'y naging katatawanan siya. Nguni't ang Dios ay naroon mismo, nagpapatunay. Lahat ng sinabi niya, ay natutupad.

192 At kailangang panghawakan ni Faraon ang kaniyang posisyon, 'pagkat isa siyang obispo, alam n'yo na, kaya't siya—siya ay kailangang manatili roon. Hindi niya iyon maipagkaila. Hindi siya makapagsabi nang hindi, sapagka't nagaganap na iyon. Kita n'yo? Hindi niya magawang—hindi niya magawang ipagkaila iyon, 'pagkat nagaganap na iyon. Kaya't sa wakas ang sabi niya, "Oh, lumabas na nga lang kayo! Ayaw ko na kayong pakinggan pa. Lumabas na kayo rito! Kunin na ang lahat ng pag-aari n'yo, at yumaon na!" Oh, naku!

193 Ngayon makikita natin si Moises, dito, matapos na gumawa ng maraming bagay ang Dios para sa kaniya, at nagpakita sa kaniya ng napakaraming mga tanda at kababalaghan. Ngayon, sa mga susunod na labinlimang minuto, ilalatang natin ito rito. At masdan ninyo nang maigi. Si Moises ay dumating sa dakong ito kung saan siya . . .

194 Nasabi na ng Dios, "Kasama mo Ako. Ang mga salita mo ay Salita Ko. Pinatunayan Ko na iyan sa iyo, Moises. Ikaw, nang walang langaw sa lupain, wala pa ito sa panahon, at sinabi mo, 'Magkaroon ng mga langaw,' at dumating ang mga langaw." Iyon ay paglalang. Sino ba ang makapagdadala ng kadiliman sa buong lupa, liban sa Dios? Sinabi niya, "Magkaroon ng kadiliman," at nagkaroon nga ng kadiliman.

Sinabi mo, ‘Magkaroon ng mga palaka,’” at ang mga palaka ay pumasok maging sa bahay ni Faraon, sa mga higaan, at nang tipunin ang mga ito ay sa malalaking bunton. Manlilikha! “At nangusap Ako sa pamamagitan mo, Moises, at—at nakalikha ang Aking Salita sa pamamagitan ng iyong bibig. Ang totoo ay ginawa kitang isang dios sa harapan ni Faraon.” Opo, ginoo. “Ginawa Ko ang lahat ng ito.”

¹⁹⁵ At heto’t dumating sila sa isang lugar, may kaunting pagsubok na dumating, at si Moises ay nagpasimulang humibik, “Ano’ng gagawin ko?”

¹⁹⁶ Nais kong pansinin ninyo. Ito ay napakalaking aral rito ngayon. Gustung-gusto ko ito, kita n’yo. Kita n’yo, si Moises, kung tama ang pagbasa natin dito, na si Mo- . . . Noong, ang mga anak ay nagsimulang matakot, kanilang nakitang humahabol si Faraon, sa tawag ng katungkulan.

¹⁹⁷ Isinagawa ng Dios ang lahat nang ganap. Ngayon napag-umpisa na Niya sila sa kanilang paglalakbay. Napagsama-sama na Niya ang iglesya. Sila’y tinawag na palabas. Sila’y nagmula sa bawa’t denominasyon. Silang lahat ay nagsama-sama. Nagtungo si Moises doon sa likuran, at nagsabi, “Panginoon, ano’ng dapat kong gawin?”

¹⁹⁸ Sinabi Niya, “Buweno, humayo’t gawin mo *ito*.” Buweno, gagawin iyon. “Ngayon, Moises, alam mong tinawag Kita upang gampanan ito.”

“Opo, Panginoon.”

¹⁹⁹ “Mabuti, humayo ka’t salitain mo *ito*, at ito’y mangyayari,” heto na ang mga langaw. “Magsalita ka para sa *ganito*,” at heto nang dumarating. “Gawin *ito*,” heto nang dumarating. Ang lahat ay pawang GANITO ANG SABI NG PANGINOON, GANITO ANG SABI NG PANGINOON, GANITO ANG SABI NG PANGINOON! Ngayon ay napasok siya sa isang problema. . .

²⁰⁰ At sinabi ng Dios, “Ngayon napag-umpisa Ko na sila sa kanilang paglalakbay. Tapos na silang matawag lahat. Napagsama-sama na ang iglesya, kaya’t pinasimulan Ko na ang paglalakbay nila. Ngayon, Moises, dalhin mo na sila roon. Sinabi Ko na sa iyo. Ako’y uupo muna’t magpapahinga sandali.”

²⁰¹ Sabi ni Moises, “O Panginoon, tingnan ang dumarating, heto na si Faraon! Ang buong bayan ay . . . Ano’ng dapat kong gawin? Ano’ng dapat kong gawin?” Kita n’yo roon, hindi ba’t sadyang ganiyan ang tao? Opo, ginoo. Nagsimulang humibik, “Ano’ng dapat kong gawin?”

²⁰² Dito ay makikita nating ipinamalas ni Moises, ang ganap na katangian ng tao, gusto’y laging nasa likod mo ang Dios at itutulak ka sa isang bagay. Ngayon, ganiyan tayo sa araw na ito. Nais mong ang Dios, matapos nating makita ang lahat ng ating

nasaksihan, gayunma'y nais mo pa ring itulak ka ng Dios upang gawin ang isang bagay. Kita n'yo?

²⁰³ Si Moises lang ay naging maluwag, sabi, “Dios, pupunta ako't tatanungin Ka, titingnan kung ano'ng sasabihin Mo. Siyanga, opo, sabihin Mo iyon. Buweno, sige, sasabihin ko iyon, din naman.” Kita n'yo?

²⁰⁴ Nguni't dito'y itinalaga siya ng Dios para sa gawaing iyon, pinatunayang kasama niya Siya. At heto siya, dumating ang pangyayari, at nang magkagayo'y nagpasimula siyang humibik, “Ano'ng maaari kong gawin? Panginoon, ano'ng maaari kong gawin?”

²⁰⁵ Ngayon alalahanin n'yo, nagpropesiya na siya rito, dahil sinabi niya, “Ang mga Egipciong ito na nakikita n'yo ngayon, ay hindi n'yo na makikita pa.” At pagkatapos na pagkatapos ay nagsimula siyang humibik, “Dios, ano'ng maaari naming gawin?” Kita n'yo? Matapos siyang buong husay na magpropesiya roon. Kita n'yo, nasabi na niya sa kanila kung ano'ng mangyayari. Kung ang Salita ng Dios ay nasa kaniya, Ito nga'y nasa kaniya. At nang sinasabi niya iyon, tunay na iyon ay natutupad. Kung ano ang sinabi niya ay matutupad na, narito't sumisigaw siya, “Ano'ng gagawin ko?”

²⁰⁶ Oh, kung hindi ba naman ganiyan ang mga tao! Kung hindi ba naman ako ganiyan! Kung hindi ba naman ako ganiyan! Kita n'yo?

²⁰⁷ Napatunayan na Niya, “Kung ano ang sabihin mo ay mangyayari. Ako'y kasama mo.”

²⁰⁸ At narito biglang lumitaw ang isang pangyayari. “Ano'ng dapat kong gawin? Ano'ng dapat kong gawin, Panginoon? Ay, Panginoon, nasaan Ka? Ay, naririnig Mo ba ako? Ano'ng dapat kong gawin?” At naitalaga na Niya siya, at pinagtibay na siya, at pinatunayan at ginawa ang lahat ng bagay sa pamamagitan niya. At narito, “Dios?” Oh, naku! Lubusang ipinakikita, nais ng tao na magpahinga at hahayaan na ang Dios ang magtulak.

²⁰⁹ At, gayunman, alam niyang pinahiran siya ng Dios para sa gawaing ito, para gampanan ito, at malinaw na pinagtibay ng Dios ang mga pahayag niya. Oras na upang palayain ang bayan. Ang Dios, sa pamamagitan ng kaniyang mga himala at mga kababalaghan, ay pinisan silang lahat sa iisang grupo. Nasusundan n'yo ba ako? [Ang kongregasyon ay nagsasabi, “Amen.”—Pat.] Pinisan silang lahat sa iisang grupo, pinagtibay ang mga pinahayag niya. Ganun ang sabi ng Kasulatan; narito ang tanda, narito ang katunayan dito, lahat ng sinabi niya. Pagkatapos ay dumating Siya sa gitna nila bilang isang propeta. Kailanman, anumang sinabi niya, kinilala iyon ng Dios, maging sa paglikha at pagpapalitaw ng mga langaw, at pinalitaw ang mga bagay-bagay. At lahat ng ipinangako Niya sa kaniya, heto't ginawa Niya iyon.

210 Nguni't nais niyang hintayin ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Kita n'yo? Dapat sana'y alam na niyang ang pinaka pagpapatibay sa pagkatawag niya ay GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Ang tungkulin na itinalaga sa kaniya ay GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Maiintindihan n'yo ba ito? [Ang sabi ng kongregasyon, "Amen."] Hum! Bakit siya naghintay sa GANITO ANG SABI NG PANGINOON?

211 Ang gusto niya, "Panginoon, ano'ng maaari kong gawin? Heto't nadala ko na ang mga anak na ito rito, sa ganitong layo. Heto ang pangyayari, parating na si Faraon. Sila'y mamamatay lahat. Ano'ng dapat kong gawin? Ano'ng dapat kong gawin?" Hum! Hum!

212 Nasabi na niya kung ano'ng gagawin nila. Sinabi na niya kung ano talaga, na gagawin iyon. Nasabi na niya ang katapusan ng bansang nilakihan niya. Ako'y umaasang nauunawaan n'yo. [Ang kongregasyon ay nagsasabi, "Amen."—Pat.] Kita n'yo? Nasabi na ni Moises, "Hindi n'yo na sila makikita pa. Lilipulin sila ng Dios. Sapat na ang haba ng panahon sa kanilang pangungutya sa inyo. Lilipulin sila ng Dios." Nasabi na niya kung ano'ng mangyayari sa kanila.

213 Pagkatapos, "Panginoon, ano'ng dapat kong gawin?" Nakikita n'yo ba ang kalikasan ng tao roon? Kita n'yo? "Ano'ng dapat kong gawin? Maghihintay ako sa GANITO ANG SABI NG PANGINOON." Opo, ginoo. "Titingnan ko kung ano'ng sasabihin ng Panginoon, pagkatapos ay gagawin ko iyon." Huh!

214 Alalahanin, may lumitaw na Faraon na hindi nakakikilala kay Jose, alam n'yo na, sa panahong iyon, sa panahon ding iyon mismo. Kita n'yo? Kita n'yo? At tumindig agad si Moises at sinabi ang katapusan ng bansang iyon.

215 At heto't naroon siya mismo sa lugar kung saan magaganap iyon, pagkatapos ay humibik siya, "Ano'ng dapat kong gawin, Panginoon? Ano'ng dapat kong gawin?" Kita n'yo? Hindi ba't ganiyan ang mga tao? Hindi ba't sadyang ganiyan ang kalikasan ng tao? "Ano'ng gagawin ko?" Huh!

216 Siya ay tapos na, nagpropesiya na. Kinilala ng Dios ang lahat ng sinabi niya, at tinawag siya para sa gawaing iyon, kaya't bakit kailangan pa niyang sabihin, "Ano'ng dapat kong gawin?" Mayroong pangangailangan; nasa kaniya na iyon para bigkasin iyon. Nais ng Dios kay Moises na ang kaloob na iyon ng pananampalataya, na ibinigay Niya sa kaniya, na gumana. Pinagtibay na iyon ng Dios. Iyon ang Katotohanan. At nais ng Dios na si Moises, nais ipakita sa mga tao na Siya ay nakay Moises.

217 At siya, doon sa likuran, naghintay siya, sabi, "Ngayon, Panginoon, ako'y paslit lamang. Sabihin Mo nga sa akin ngayon."

“Siyanga, hahayo ako’t gagawin *ito*. Taglay ko ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON.”

“Kapatid, iyan ba’y GANITO ANG SABI NG PANGINOON?”

²¹⁸ “Opo, siyanga,” Kapatid na Moises, “iya’y GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Siyanga.”

²¹⁹ “Sige, taglay na natin *ito ngayon*, GANITO ANG SABI NG PANGINOON.” At nangyari iyon. Hindi nabigo ni minsan. Hindi nabigo kailan man.

²²⁰ At heto *ito sa pangyayari*, na lumilitaw muli. Ngayon naipasama na Niya siya sa paglalakbay. Ang iglesya ay natawag na palabas, nasa paglalakbay na sila, at sila’y nagpapatuloy. At si Moises ay nagsimulang sumigaw, “Panginoon, *ito ba’y GANITO ANG SABI NG PANGINOON?* Ano’ng dapat kong gawin?” Buweno.

²²¹ Nais ng Dios kay Moises na magkaroon ng pananampalataya, na inilagay Niya sa loob, sa kaloob na Kaniyang malinaw na—na pinagtibay. Malinaw na pinatunayan ng Dios kay Moises at sa mga tao na Siya nga iyon, sa pamamagitan ng Salita at sa pamamagitan ng mga bagay na sinalita na nagkaroon ng kaganapan. Malinaw iyong naipakilala. Hindi na niya kailangan pang mag-alala tungkol doon. Kita n’yo? Hindi na niya kailangan pang mag-isip ng anuman tungkol doon, dahil nilinaw na iyon. Nagawa na niya ang mga bagay na iyon. At napatunayan na niya, sa pamamagitan ng mga langaw at mga pulgas, na lumikha siya ng mga bagay sa pamamagitan ng pagbigkas, na ang Salita ng Dios ay nasa Kaniya.

²²² Kaya’t narito magtatanong siya ngayon kung ano’ng gagawin, nang nasa harap na niya ang mga pangyayari. Kita n’yo? Oh, naku!

²²³ Umaasa akong tumimo *ito sa atin*, at ating makita kung nasaan na tayo. Kita n’yo? Hindi ba’t nakadarama ka nang *ganiyan* na lang kalaki? [Ang kongregasyon ay nagsasabi, “Amen.”—Pat.] Iniisip ang tungkol kay Moises na sinasabi ang kaniyang mga kamalian, at tingnan nga natin ang mga sa atin. Siyanga. Kita n’yo?

²²⁴ Heto siya, nakatayo roon, kita n’yo, nalalamang sinabi ng Kasulatan na iyon na ang takdang oras at araw upang maganap iyon, at alam na kinatagpo siya ng Dios sa isang Haliging Apoy. At bumaba Iyon sa harapan ng bayan at nagsagawa ng mga himalang *ito*. At lahat ng sinabi niya, ay natupad, maging hanggang sa paglilikha ng mga bagay. Ginagawa ang mga bagay na tanging Dios lamang ang makagagawa, nagpapakitang ang tinig niya ay Tinig ng Dios.

225 At narito ang kalagayan sampu ng bayang iyon na pinangungunahan niya, dinadala tungo sa lupang pangako, at pagkatapos ay nakatayo, humihibik, “Ano’ng dapat kong gawin?” Iyan ay isang tao, na nagnanasang . . .

226 Katulad ng Kapatid na Roy Slaughter, palagay ko’y nakaupo siya sa labas ng pintuan doon, nagsabi sa akin minsan, tungkol sa isang tao na may bagay na ginagawa sa akin. At sabi ko, “Buweno, ginawa ko *ito*, at ngayon ay ganoon.”

227 Sabi niya, “Kapatid na Branham, payagang sumandal sila sa iyong balikat ngayon, at bukas ay papasanin mo na sila.” At sadyang ganiyan ang mga tao. Sasandal sa balikat mo ngayon, at bukas ay papasanin mo na sila.

228 Ganoon iyon, ganoon kung ano ang ginagawa ni Moises. Kinailangang pasanin siya ng Dios matapos Niya siyang italaga at pinatunayan iyon na gagawin iyon. At dapat sana’y sinabi ng mga tao, “Moises, bigkasin mo ang Salita. Nakita kong ginawa mo na iyon *doon*. Kinilala ka ng Dios doon, at ganun ka pa rin ngayon.” Amen. Kita n’yo? “Gawin mo iyon!” Amen. Dapat sana’y alam na niya iyon, nguni’t hindi niya nagawa. Buweno. Kung papaano noon, gayundin naman ngayon. Nalaman natin, iyan. Kung kaya’t sabi Niya, “Moi- . . .”

229 Marahil ay napuno na ang Dios dito. Marahil ay nagsawa na ang Dios. Sinabi Niya, “Ano’ng iniyak mo sa Akin? Hindi ba’t pinatunayan Ko na ang Aking pagpapakilala? Hindi ba’t sinabi Ko na sa iyo na sinugo Kita para sa gawaing ito? Hindi ba’t sinabi Ko na sa iyo na humayo ka’t gawin iyon? Hindi Ko ba ipinangako na gagawin Ko ito; na Ako’y sasaiyong bibig, at Ako’y mangungusap sa pamamagitan mo at gagawin Ko ito, at ikaw ay magpapakita ng mga tanda at mga kababalaghan? Hindi Ko ba ipinangakong gagawin iyon? Hindi Ko ba tinupad iyon nang ganap, at nilipol ang bawa’t kaaway sa palibot mo? At naririto ka nakatayo rito ngayon, sa Dagat na Mapula, mismo sa tawag ng tungkulin, kung ano ang inutos Ko sa iyong gawin, at pagkatapos ay sumisigaw Ka pa rin at umiiyak sa Akin. Hindi ka ba naniniwala sa Akin? Hindi mo ba nakikita na sinugo Kita upang isagawa ito?” Oh, kung hindi ba naman ganiyan talaga ang tao! Naku! Kaya marahil ay napuno na Siya nang husto rito.

230 At sinabi Niya, “Alam mong may pangangailangan ka niyon. Alam mong kung dadalhin mo ang mga anak na ito doon sa lupang pangako. Ganun nga iyon. Nakulong ka na rito sa isang sulok. Wala ka nang iba pang magagawa. Kung ganun mayroong pangangailangan. Ano’ng iniyak mo sa Akin? Ano’ng hinihintay mo sa Akin? Ano’t tinatawag mo Ako? Hindi ba’t pinatunayan Ko na iyon sa bayan? Hindi ba’t pinatunayan Ko na iyon sa iyo? Hindi ba’t tinawag Ko iyon? Hindi ba’t ayon ito sa Kasulatan? Hindi ba’t ipinangako Kong dadalhin Ko ang bayang ito sa lupaing iyon? Hindi ba’t tinawag Kita at sinabi Ko

sa iyo na gagawin Ko iyon? Hindi ba't tumawag Ako at nagsabi isinugo Kita upang gawin iyon, at hindi ikaw iyon, Ako iyon? At bababa Ako at Ako'y sasaiyong bibig, at anumang sinabi mo, ay pagtitibayin Ko iyon at patutunayan iyon. Hindi Ko ba ginawa iyon?

²³¹ “Pagkatapos, kapag may dumarating na maliliit na bagay, bakit nag-aasal kang parang bata? Dapat magpakalalaki ka. Magsalita ka sa bayan,” amen, “pagkatapos ay sumulong ka!” Amen. Hayan na kayo. “Huwag kang humibik. Magsalita ka!” Amen. Oh, gusto ko iyan. “Ano’ng hinihibik mo sa Akin? Magsalita ka lang sa bayan at sumulong ka sa iyong layunin. Anuman iyon, kung iyon ma’y karamdaman, o anuman iyon, para buhayin ang patay, o anuman iyon, salitain mo! Pinatunayan Ko na iyon. Magsalita ka sa bayan.”

²³² Napakagandang aral! Napakagandang aral, oh, naku, sa yugtong ito ng paglalakbay kung saan tayo tumatayo. Tingnan kung nasaan na tayo ngayon, opo, ginoo, nasa Ikatlong Hatak na. Pansinin, naririto na tayo sa pintuan, ng Pagparito ng Panginoon.

²³³ Siya ay pinahiran para sa gawaing iyon, at naghihintay pa rin sa GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Marahil ay napuno na ang Dios dito. Sinabi Niya, “Huwag ka nang umiyak. Magsalita ka! Isinugo Kita.”

²³⁴ O Dios, ano’ng dapat maging kalagayan ng iglesyang ito sa umagang ito! Taglay ang sakdal na pagpapatibay ng Dios, sa pamamagitan ng Haliging Apoy at mga tanda at mga kababalaghan, ang lahat ay sadyang tulad noong sa mga kaarawan ng Sodoma. Sinabi Niyang magbabalik iyon.

²³⁵ Heto ang sanlibutan sa kalagayan nito. Hayan ang bansang ito sa kalagayan nito. Hayan ang mga kababaihan sa ganiyang kalagayan. Hayan ang kalalakihan sa ganiyang kalagayan. Hayan ang iglesya sa ganiyang kalagayan. Hayan na ang lahat ng bagay. Ang mga elemento, ang mga tanda, ang mga flying saucer at lahat na sa kalawakan, at lahat ng uri ng mahiwagang mga bagay, at ang nagwagalit na dagat, mga daluyong, mga puso ng tao’y nanglulupaypay, takot, magulong panahon, kasalatan sa mga bansa, ang iglesya ay tumatalikod.

²³⁶ At ang taong makasalanan ay bumabangon, na nagpapalalo sa kaniyang sarili sa ibabaw ng lahat; na tinawag na Dios, siya na nauupo sa templo ng Dios, ipinakikilala ang kaniyang sarili, oh, naku, at dumating na nga sa bansang ito. At ang iglesya ay nagtatag na ng organisasyon, at lahat ng mga ito ay nagsama-sama na, bilang mga patutot ng inang patutot, at ang lahat ay ganap nang nasa landas ng pagkapatutot.

²³⁷ Ang pagiging patutot, ano ito? Pagsasabi sa kababaihan na maaari nilang putulan ang kanilang buhok, pagsasabi sa mga kababaihan na maaari silang magsuot ng syorts, sabihin sa

mga kalalakihan na maaari nilang gawin ang *ganito* at maaari nilang gawin ang *ganoon*; at ang mga mangangaral, ginagawa nila *ito*, at isang ebanghelyong panlipunan at mga bagay-bagay. Hindi n'yo ba nakikita, ito'y pangangalunya sa tunay na Salita ng Dios!

²³⁸ At isinugo sa atin ng Dios ang Kaniyang tunay na Salita, hindi maka-denominasyon, walang anumang tali Rito, at binigyan tayo ng Haliging Apoy, ang Banal na Espiritu na sumasaatin na ngayon sa loob ng tatlumpung taon. At lahat ng Kaniya nang sinabi noong una at ipinangusap, ay natupad nang ayon sa pagkakasabi Niya.

²³⁹ Magsalita ka sa bayan, at tayo'y sumulong. Amen. May layunin tayo, iyon ang Kaluwalhatian. Sumulong tayo tungo Roon. Patungo na tayo sa Lupang pangako. "Lahat ay posible sa mga sumasampalataya." "Magsalita ka sa bayan. Hindi ba't pinatunayan Ko na iyon. Hindi ba't nagpakuha pa Ako ng larawan sa gitna ninyo, at lahat ng iba pa, at ginawa ang lahat ng maaring gawin, upang patunayan na Ako'y kasama mo? Hindi ba't ang mga magasin, ilang linggo pa lang ang nakaraan, inilathala ang sulatin, nang sabihin mo rito sa pulpito kung ano'ng magaganap dito, at tatlong buwan bago iyon mangyari, at hayun nga't iyon ay nangyayari na at pinagtibay? Maging ang siyensiya ay alam ang tungkol doon. At lahat na ginawa Ko, at ika'y naghihintay pa rin. Magsalita ka sa bayan at sumulong ka sa iyong layunin." Amen.

²⁴⁰ Hindi ba't sinabi ni Nathan kay David? Si Nathan, na propeta, habang nakaupo minsan, sa pagkakita kay David na pinahirang hari, sabi niya, "Gawin mo ang lahat ng nasa puso mo, sapagka't ang Dios ay sumasaiyo." Sinabi kay David, "Gawin mong lahat ang nasa puso mo. Ang Dios ay sumasaiyo."

²⁴¹ Si Josue ay pinahiran para kunin ang lupain para sa Dios at para sa kaniyang bayan. Kapos ang maghapon. Kinailangan niya ang dagdag na oras para sa gawain na siya'y pinahiran at inatasan na gagawin. Si Josue, isang lalaki, siya ay pinahiran. Sinabi sa kaniya ng Dios, "Kung paanong Ako'y sumakay Moises, Ako'y sasaiyo." Amen. "Ang lupaing iyon, ipagkakaloob Ko iyon sa kanila. At nais Kong magtungo ka roon at lipulin ang mga Amalecita, at—at ang mga Het- . . . Lahat—lahat ng iba pa, ang mga Filisteo at—at ang mga Pherezeeo, at lahat ng mga iba pa, lipulin mo sila. Ako'y sumasaiyo. Ako'y . . . Walang taong makatatayo sa harapan mo, sa buong kaarawan ng buhay mo. Walang maaaring humadlang sa iyo. Humayo't pasukin iyon."

At hinugot ni Josue ang tabak na iyon at nagsabing, "Sumunod kayo sa akin!"

²⁴² At nakarating siya roon, at narito't nakikipagbaka siya. At ano iyon? Nagapi niya ang kaaaway. Sila'y maliliit na grupo *rito* at maliliit na grupo *roon*. Kapag sumapit ang gabi, silang

lahat ay magtitipun-tipon at magkukuta nang sama-sama, at lulusob silang may malaking puwersa laban sa kaniya. At ang araw ay palubog na noon. Kinailangan niya ang dagdag na liwanag. Ang araw ay palubog na. Hindi siya nagpatirapa at nagsabi, “Panginoong Dios, ano’ng gagawin ko? Ano’ng gagawin ko?” Siya’y nagsalita! Siya’y may pangangailangan. Sinabi niya, “Araw, tumigil ka!” Hindi siya umiyak sa wala. Pinagutos niya, “Araw, tumigil ka! May pangangailangan ako nito. Ako ang lingkod ng Panginoon, pinahiran para sa tungkuling ito, at may pangangailangan ako. Tumigil ka, at huwag kang magliliwanag. . . At, buwan, manatili ka sa iyong kinaroroonan,” hanggang sa matapos niya ang pakikibaka at ginapi niya ang lahat. At ang araw ay tumalima sa kaniya.

²⁴³ Walang pag-iiyak. Nagsalita siya sa araw, sabi, “Tumigil ka. Araw, manatili ka diyan! At, buwan, manatili ka sa kinaroroonan mo.” Hindi siya umiyak, “Panginoon, ngayon ano’ng maaari kong gawin? Bigyan Mo pa ako ng dagdag na liwanag ng araw.” Nangailangan siya ng liwanag ng araw, kaya pinag-utos niya iyon, at sinunod siya ng araw. Oh, naku! Inutusan niya ang araw na huminto.

²⁴⁴ Si Samson, pinahiran, ibinangon, itinalaga ng Dios, binigyan ng kaloob na kalakasan, itinalaga upang wasakin ang bansang Filisteo. Itinalaga, isinilang sa mundo, pinahiran ng Dios, upang lipulin ang mga Filisteo. At isang araw nasumpungan nila siya roon sa bukid, na wala ang kaniyang tabak, walang sibat. At isang libo ng mga armadong Filisteong iyon ay sabay-sabay na lumusob sa kaniya. Lumuhod ba siya at nagsabi, “Oh Panginoon, naghihintay ako ng pangitain? Oh Panginoon, ano’ng dapat kong gawin? Ituro sa akin ngayon kung ano’ng dapat gawin”? Alam niyang may pangangailangan siya. Wala siyang nasumpungan maliban sa isang panga ng asno, at pinaslang niya ang isang libong Filisteo. Amen!

²⁴⁵ Hindi siya umiyak sa Dios. Kaniyang ginamit ang kaniyang pinahirang kaloob. Alam niyang siya’y isinugo para sa tungkuling iyon. Alam niyang isinilang siya para doon. Alam niyang siya’y pinahirang taglay ang isang kaloob, at pinaslang niya ang isang libong Filisteo. Hindi siya umiyak sa Dios. Itinalaga siya ng Dios at pinagtibay na siya nga, sa pamamagitan ng iba pang bagay na ginawa niya. At siya ay isang pinagtibay, pinahirang lingkod ng Dios, upang lipulin ang mga Filisteo, at nagawa niya iyon. Anuman ang kalagayan noon, nagawa niya iyon. Wala siyang anumang hiningi. Trabaho niya iyon. Na, ang Dios ay kumikilos sa pamamagitan niya; dinampot ang buto ng asno na iyon at humayo’t nanakit ng mga Filisteo. Paanong ang. . .

²⁴⁶ Aba’y, isang pukpok lang ng bagay na iyon, sa isa sa mga iyon na isa’t kalahating pulgadang kapal na tansong helmet na gaya niyon, sana’y nagkadurug-durog na ang butong iyon sa milyong

piraso. At binuwal niya ang isang libo sa kanila, at pinaslang sila, at nakatayo pa ring hawak iyon sa kamay niya.

²⁴⁷ Hindi na nagtanong pa. Hindi siya umiyak. Nagsalita siya. Ginapi niya sila. Oh, naku! “Gapiin ang Filisteo, kaya ko bang gapiin ang mga Filisteo, Panginoon? Aking—aking nalalaman na isinugo Mo ako upang gawin iyon, Panginoon. Siyanga po, Panginoon, alam kong isinugo Mo ako upang wasakin itong bansa ng mga Filisteo. Ngayon heto, napaligiran ako ng isang libo sa kanila, at wala akong hawak na anuman. Ano, ano’ng gagawin ko ngayon, Panginoon?” Oh, naku! Walang anumang makababagabag sa kaniya. Siya’y pinahiran para sa gawaing iyon. Walang makasakit sa iyo. Wala, walang isa mang bagay. Aleluya! Basta’t kinuha niya kung ano’ng mayroon siya at ipinangpukpok sa kanila. Tama iyon.

²⁴⁸ Nang ikinulong siya ng mga kaaway, sabi, “Ngayon nakulong na natin siya sa loob ng mga pader, nahuli na natin siya ngayon. Nakulong na natin siya rito sa loob na kasama ng babaing ito. Ngayon naisara na natin ang pintuan, sa buong paligid saan man, at hindi na siya makalalabas. Nahuli na natin siya.”

²⁴⁹ Hindi umiyak si Samson, “Oh Panginoon, nabakuran na nila ako nang lubos sa denominasyong ito.” Huh! “Uh, ano’ng gagawin ko? Kasapi na nila ako. Ano’ng gagawin ko?” Hindi niya ginawa iyon.

²⁵⁰ Basta’t lumabas siya, at giniba ang tarangkahan, at pinasan iyon sa kaniyang balik, at lumakad siyang dala iyon. Amen! Siya’y pinahiran para sa gawaing iyon. Siya’y tinawag ng Dios. Hindi siya nabakuran. Hindi, talaga! Binitbit niya ang tarangkahan. Hindi na niya iyon ipinanalangin. Hindi niya tinanong ang Dios kung gagawin ba n’ya iyon o hindi. Iyon mismo ay nasa tawag ng tungkulin. Amen, amen, amen! Mismo sa tawag ng tungkulin. “Bakit ka humihibik sa Akin? Magsalita ka, at sumulong!” Amen! “Huwag kang humibik. Magsalita ka!” Tumigil na siya sa pag-ingit at pagnguyngoy ngayon. Dapat ay sapat na sa gulang para makapagsalita. Tama iyan. Alam niya na ang kaniyang pinahirang kaloob na lakas ay maaaring pumatay sa kanino mang Filisteong tatayo sa harapan niya. Amen.

²⁵¹ Nguni’t hindi natin alam iyon, kita n’yo. Tayo’y mga mumunting paslit pa rin, at may bote pa ng gatas sa ating mga bibig.

²⁵² Alam niya iyon, alam niyang ibinangon siya ng Dios para sa layuning iyon, at walang anumang makatatayo sa harapan niya, sa lahat ng araw ng buhay niya. Walang makagagapi sa kaniya. Siya’y pinalaki para sa layuning iyon, katulad ni Moises noon. Walang makapigil sa kaniya. Walang Amalecita o iba pa na makapigil sa kaniya. Siya’y nasa daan na tungo sa lupang pangako. Alam ni Samson na nasa daan na siya.

253 Alam ni Josue na kinukuha na niya ang lupain. Siya ay pinagtibay. Ipinangako iyon ng Salita ng Dios, at naroon ang Banal na Espiritu na pinagtitibay iyon.

254 Nasa kaniyang daan na siya, kaya't walang anumang makahahadlang sa kaniyang daan. Wala po, ginoo. Mismo sa tawag ng tungkulin, kasama ang Dios, walang makapipigil sa kaniya. Kaya't basta na lamang niyang binuhat ang mga tarangkahan at pinasan iyon sa balikat niya, tumitimbang ng mga apat o limang tonelada, at umahon sa tuktok ng burol at inupuan ang mga iyon. Walang anumang makahahadlang sa kaniya. Siya'y may taglay na pinahirang kaloob mula sa Dios. Hindi na niya kailangang sumigaw pa, "Panginoon, ano'ng dapat kong gawin ngayon?" Siya'y pinahiran na upang gawin iyon. Iyon ay GANITO ANG SABING NG PANGINOON, "Ubusin mo sila!" Aleluya! "Ubusin mo sila! Ibinangon Kita para sa layuning iyan." Amen.

255 "Ano'ng dapat kong gawin, Panginoon? Uh, ano'ng gagawin ko rito sa Dagat na Mapula?"

256 "Hindi ba't sinabi Ko sa iyo na ibinigay Ko sa iyo ang isang bundok bilang tanda rito? Babalik ka sa bundok na iyon, at dadalhin mo ang mga anak na ito sa lupain. Hindi ba't tinawag Kita sa layuning iyon? Ano pa ba ang ikinabalisa mo na maaaring humadlang sa iyo? Magsalita ka, at magsimulang sumulong!" Amen at amen! "Siyanga, tinawag Kita para sa layuning ito."

257 Si David, alam niyang pinahiran siya, at pinagtibay na maging asintado. Alam niyang alam nila na asintado siya. Si David ay pinahiran. Alam niya iyon. At nang humarap siya kay Goliath, hindi siya umiyak, "O Dios, ano na ba ang dapat kong gawin ngayon? Hintay, dapat ba ako—akong. . . Alam ko kung ano'ng ginawa Mo sa mga nagdaang panahon. Iyong, itinulot Mong mapatay ko ang isang oso, at itinulot Mong mapatay ko ang isang leon. Nguni't paano naman itong si Goliath na naroon?" Huh! Hindi niya ginawa iyon. Siya ay nagsalita lamang. Ano'ng sinabi niya? "Matutulad ka sa kanila noon, sa iyong mga mata." Nagsalita siya at sumulong.

258 Hindi na siya dumalangin ng isang panalangin. Hindi na siya naghandog ng anuman. Alam niyang pinahiran siya. Amen. Pinahiran siya, at ang tirador na iyon ay pinatunayan ang tamang uri na bagay. May tiwala siya sa pagkapahid niya. Siya ay may pagsampalatayang kayang gabayan ng Dios ang batong iyon mismo sa pinakagitna ng helmet na iyon doon, na siyang tanging puwang na maaaring patamaan. Siya ay nakatayo roon.

259 Alam niyang asintado siya. Amen. Alam niyang nilikha siyang ganoon ng Dios. Amen. Alam niyang nakapatay na siya ng leon, alam niyang nakapatay na siya ng oso, nguni't iyon ay dahil sa pag-aari ng kaniyang makalupang ama. Heto ay ang pag-

aari ng Makalangit niyang Ama! Amen. Hindi siya lumuhod, “Dapat . . . Ano nang dapat kong gawin ngayon, Panginoon?” Nagsalita siya at sinabi, “Matutulad ka sa leon at sa oso, at heto na ako.” Amen! Luwalhati sa Dios! Opo, ginoo. Nagsalita siya at sumulong upang salubungin itong si Goliath. Oh, naku!

²⁶⁰ Kahit gaano pa siya kalaki! Isa siyang maliit, parang batang paslit kung tingnan, alam n’yo na. Hindi siya kalakihan. Hindi siya kaguwapuhan kung tingnan, maliit na lalaki na medyo hukot ang balikat. Ang sabi ng Biblia na mapula-pula ang kaniyang mga pisngi. Ngayon, gaano man ang kaniyang sukat at ang kaniyang tinaguriang kakayahang gumawa ng ganun.

²⁶¹ Alam n’yo, ang—ang obispo ay nagsabi sa kaniya, wika, “Ngayon tumingin ka rito, anak, ang lalaking iyon ay isang teologo. Kita mo, isa siyang mandirigma. Ipinanganak siyang mandirigma at siya’y isang . . . Mandirigma na siya, mula pa sa pagkabata; at wala kang kalaban-laban sa kaniya.” At sabi pa ng mga kapatid niya, “Oh, pilyo ka talaga. Pumarito ka lang para gawin mo ang bagay na tulad niyan, umuwi ka na nga.”

²⁶² Hindi iyon nakahadlang sa kaniya. Bakit? Alam niyang pinahiran siya. “Ang Dios na nagligtas sa akin sa leon, ang Dios na nagligtas sa akin sa mga kuko ng osong iyon, Kaniyang higit pa roon, ililigtas ako sa kamay ng Filisteong iyon. Heto na ako. Hinaharap kita sa Pangalan ng Panginoong Dios ng Israel.” Amen. Hindi na siya nanalangin; siya’y naipanalangin na. Tapos na siyang maipanalangin ng Dios bago pa itatag ang sanlibutan. Siya’y pinahiran para sa gawaing iyon. Kailangan niyang magsalita at sumulong. Iyon lang ang kailangang gawin doon, magsalita lang at sumulong. Oh, ganun lang iyon. Oh! Hindi niya . . .

²⁶³ Tungkol sa mga maka-denominasyon niyang mga kapatid, silang mga manlilibak na nakatayo roon, din naman, alam n’yo na. Oh, siyanga. Sila’y nakatayo roon na nagsasalita, nanlilibak at nagtatawanan, at nagsasabing . . . Ang mga kapatid niya, alam n’yo, at magsasabi, “Ah, ah, ah, hindi mo magagawa. Ikaw, sadyang pilyo ka talaga.” Hindi siya natinag niyon nang kaunti man. “Gusto mo lang maging iba. Gusto mo lang magyabang.” Kung iyon nga’y pagyayabang, naging ganoon na sana iyon. Nguni’t sila ay tumingin lamang sa intelektuwal na bahagi.

²⁶⁴ Alam ni David na ang pamahid na langis ay naipahid sa kaniya. Amen. Walang kaibahan iyon sa kaniya. Sabi niya, “Ang Filisteong iyon ay matutulad sa oso at leon, kaya’t heto na ako.” Sinabi na niya iyon bago pa mangyari. Ano’ng ginawa niya? Pinatay niya ang oso. Pinatay niya ang leon. Pinabagsak niya ang leon sa pamamagitan ng . . . Sa anong paraan? Sa pamamagitan ng—sa pamamagitan ng tirador, at kumuha ng sundang, at pagkatapos ay ang oso naman. Ang leon, pinatay niya ang leon sa pamamagitan ng sundang. Ganoon ding bagay ang ginawa

niya kay Goliath. Pinabagsak niya siya sa pamamagitan ng bato, at hinugot niya ang tabak niya, at pinugutan siya ng ulo, doon mismo sa harap nito. Ano'ng sinabi niya bago iyon mangyari? "At magiging tulad ka sa kanila." Bakit? Binigkas na niya ang salita na mangyayari iyon, at pagkatapos humayo upang tuparin iyon. Amen. Oh, kapatid! Nagsalita siya, at pinamahalaan ang sitwasyon nang araw na iyon.

265 Kung mayroon mang panahon na dapat magsalita ang tao, ito'y ngayon na. Magtatapos na, sa loob na lamang ng ilang minuto kung makapagtitiyaga kayo ng ilang minuto pa. Mayroon pa akong ilang bagay na naisulat dito, ilang mga Kasulatan na nais kong talakayin.

266 Si Pedro ay hindi kailanman umiyak, nang masumpungan niya ang isang lalaki na may sapat na pananampalataya upang gumaling, na nakahimlay roon sa pintuang kung tawagin ay Maganda. Hindi siya lumuhod at nanalangin buong magdamag, at, o ng maghaponing panalangin, isang mahaba, matagal na panalangin, at nagsabi, "Panginoon, idinadalangin ko sa Iyo ngayon na Iyong tutulungan itong hamak na lalaking lumpo. Nakikita kong may pananampalataya siya. Alam kong siya'y isang mananampalataya. At tinanong ko na siya, at siya—siya . . . ako—ako—ako . . . Ang wika niya ay may pananampalataya siya, paniniwalaan niya kung ano ang sinabi ko sa kaniya. At sinabi ko sa kaniya ang tungkol sa . . . tungkol sa kung ano ang ginawa Mo, at aking—aking naiisip lang ngayon, Panginoon, na—na . . . Maaari Mo ba akong bigyan ng GANITO ANG SABI NG PANGINOON para sa kaniya?"

267 Hindi po, alam niyang siya'y pinahirang apostol. Alam niyang inatasan siya ni Jesus Cristo. "Pagalingin ang maysakit, ibangon ang patay, pagalingin ang ketongin, magpalayas ng mga diyablo. Kung papaano ninyong tinanggap nang walang bayad, ipamahagi ninyong walang bayad." Ang sabi Niya, "Pedro, yumaon ka't gawin iyon!" Hindi na niya kinailangan pang manalangin. Siya ay naatasan.

268 Ano'ng sinabi niya? Sabi niya, "Sa Pangalan ni Jesus Cristo!" Binigkas niya ang Pangalan ni Jesus Cristo, at ang lalaki ay nakahimlay lamang roon. At hinawakan niya siya sa kamay, at nagwika, "Magtindig ka sa iyong mga paa!" At hinawakan niya siya roon hanggang sa magkaroon ng lakas ang kaniyang mga bukungbukong, at nagsimula siyang lumakad. Bakit? Hindi siya nanalangin nang magdamag. Hindi siya umiyak sa Dios. Kaniyang natitiyak, mula sa bibig ni Jesus Cristo, pinahiran siya para sa gawaing ito. Siyanga. Nagsalita siya at itinindig siya, sapagka't alam niyang siya ay pinahirang apostol para sa layuning iyon.

269 Ang mga taong naliliman ng kaniyang anino ay hindi nagsabi, "Oh, halika, apostol Pedro, at ipagsamo mo kami, at

manalangin ka ng panalanging may pananampalataya para sa amin, sa Dios.” Hindi, hindi, hindi nila sinabi iyon. Alam nilang siya’y pinahiran at pinagtibay na apostol ng Dios. Kaya’t sinabi nila, “Ipalilim n’yo lang kami sa kaniyang anino. Hindi mo na kailangan pang magbitiw ng isa mang salita. Alam namin iyon. Sinasampalatayanan namin iyon.” Taglay nila ang Buhay! Hindi magagawa ng apostol na abutin silang lahat. At sila, mismong sarili nila, sila’y bahagi nito.

²⁷⁰ Sinabi ni Moises, “Hindi lang ako ang aalis. Lahat kami’y aalis.” Lahat kami’y may gagampanang tungkulin. Kaming lahat ay kailangang mapahiran.

²⁷¹ At nakita nilang ang apostol na iyon na tumayo roon, at nakitang pinagaling niya ang lalaking maysakit at isinagawa ang mga bagay na kaniyang ginawa. Alam nilang hindi siya makalalapat sa kanila. Sabi, hindi nila sinabi, “Pedro, halika at— at mag-alay ka ng panalangin, at hintayin mo ngayon hanggang sa makatanggap ka ng GANITO ANG SABI NG PANGINOON, at pagkatapos ay sabihin mo sa akin. Tingnan mo kung ano’ng sinasabi ng Panginoon.” Sabi nila, “Kung makakalilim lang kami sa anino niya, sapagka’t ang mismong Dios na nakay Jesus Cristo ay nasa kaniya, at nakikita naming ang ganun ding bagay ay gumagawa. Ganun din na hinipo nila ang laylayan ng damit ni Jesus at lumilim sa Kaniyang anino, at si Jesus ay nasa lalaking ito. Kung maliliman kami ng aninong iyon, kami’y gagaling.”

²⁷² At sinabi ng Biblia ay nagsigaling ang bawa’t isa sa kanila. Wala nang magdamagang panalangin, nagsasabing, “Panginoon, kung hihimlay ba ako sa anino ng apostol na ito?” Hindi, alam nila iyon. Ang Liwanag ay tumama sa kanila. Ang kanilang mga puso ay nangapuspos. Ang kanilang pananampalataya ay napawalan. Amen. Sinampalatayanan nila iyon. Nakita nila iyon. Ang mga panyo ni Pablo, ganun din.

Ngayon, sa pagtatapos.

²⁷³ Hindi umiyak si Jesus nang dalhin nila ang batang lalaking inaalihan ng demonyo sa Kaniya, na may epilepsy, na nasusugba sa apoy. Hindi Niya sinabi, “Ama, Anak Mo Ako, at ngayon isinugo Mo Ako rito upang gawin ang *ganito-at-ganoon*, at *ganito*. Maaari Ko bang pagalingin ang batang lalaking ito?” Hindi Siya nagsabi. Sabi Niya, “Lumabas ka sa kaniya, Satanas!” Siya’y nagsalita, at ang batang lalaki ay gumaling.

²⁷⁴ Nang makatagpo Niya si Pulutong, na sumanib sa kaniya ang dalawang libong demonyo, hindi si Jesus ang sumigaw. Ang mga demonyo ang nagsisigaw, “Kung itataboy Mo kami,” oh, naku, “payagan kaming pumasok sa kawan ng mga baboy na iyon.”

²⁷⁵ Hindi sinabi ni Jesus, “Ngayon, Ama, kaya Ko kayang gawin ito?” Sinabi Niya, “Lumabas ka sa kaniya,” at nagsilabas ang mga demonyo. Tiyak, alam Niyang Siya ang Mesiyas.

276 Sa libingan ni Lazaro, apat na araw na siyang patay. Sabi nila, “Kung nandito Ka sana, Panginoon, disin sana’y hindi siya namatay.”

277 Sinabi Niya, “Ako ang pagkabuhay na mag-uli at Buhay.” Amen! Hindi kung saan, kailan, o paano. “Ang sumasampalataya sa Akin, bagama’t siya’y patay, ay mabubuhay siya.” Amen. Kilala Niya kung Sino Siya. Alam niya kung ano Siya. Alam Niyang Siya si Emmanuel. Alam Niyang Siya ang pagkabuhay na mag-uli. Alam Niyang Siya ang Buhay. Alam Niyang nanahan sa Kaniya ang kapuspusan ng Pagkadiyos. Nakita Niya ang hamak na mga tao roon, at nakita Niya kung ano ang sinabi sa Kaniya ng Dios na gawin Niya, at hayun na nga Siya. Nagtungo Siya roon.

278 Hindi Niya sinabi, “Ngayon, sandali lang, luluhod ako rito. Lahat kayo’y lumuhod at manalangin.” Sinabi Niya, “Sumasampalataya ka ba na magagawa Ko ito?” Amen. Tinanong Niya iyon.

279 Hindi Siya iyon; sila iyon. “Siyanga, Panginoon, ako’y sumasampalataya na Ikaw ang Anak ng Dios na darating sa sanlibutan.” Oh, naku! Hayun Siya nakilala. Mayroong dapat na mangyayari.

280 “Lazaro, magbangon ka!” Nagsalita Siya, at lumabas ang isang taong patay. Hindi, “kaya Ko kaya?” Nagsalita lang Siya. Nang matagpo ang pananampalataya, nangyari ang bagay na iyon.

281 Nagsasalita Siya, binigkas Niya, at ang bulag nakakita, ang pilay lumakad, ang bingi nakarinig, ang mga demonyo nagsisigaw at lumabas, ang patay nagbangon, lahat na. Bakit? Hindi na Siya nanalangin pa. Siya’y pinahiran bilang Mesiyas. Siya yaong Mesiyas. Alam Niyang Siya nga. Alam Niya ang posisyon Niya. Alam Niya kung ano ang gagampanan Niya sa pagkasugo sa Kaniya. Alam Niya na ipinakilala na Siya ng Ama bilang Mesiyas, sa sumasampalataya. At nang makatagpo Niya ang mananampalatayang iyon na may taglay na pananampalataya, binigkas lang Niya ang Salita. Nagpangalat ang mga demonyo. Opo, ginoo. “Magsalita ka! Huwag kang humibik. Magsalita ka!” Amen.

282 At alam Niya ang ipinagkaloob ng Dios na mga karapatan Niya, nguni’t tayo’y hindi. Alam Niya kung ano Siya. Tayo’y hindi.

283 Nalimutan iyon ni Moises. Naunawaan iyon ni Samson. Naunawaan iyon ng iba pa. Naunawaan iyon ni Josue. Nalimutan iyon ni Moises. Kinailangan pang tawagin ng Dios ang pansin niya roon. Sinabi Niya, “Bakit ka humihibik sa Akin? Isinugo Kita upang gampanan ang gawaing iyon. Magsalita ka, at sumulong ka sa iyong layunin. Sinabi Ko na sa iyong darating ka sa bundok na ito. Dalhin silang mga anak at patuloy mo

silang pangunahan. Magsalita ka lang. Hindi mahalaga sa Akin kung ano ang nasa iyong daanan, alisin mo iyan sa daraanan. Pinagkakalooban Kita ng kapamahalaan upang gawin iyon. Nagsalita Ako . . . Nagsalita ka ng mga langaw at pulgas, at ang paglikha, at mga bagay na tulad niyan. Ngayon ano't sumisigaw ka sa Akin? Bakit lumalapit ka sa Akin, nagsisigaw ng mga bagay na ito? Magsalita ka lang at masdan mo iyong kumilos, iyon lang." Oh, naku! Oh, gaano ko kagusto iyon!

²⁸⁴ Narito, si Jesus, lahat ng sinabi Niya, binigkas lang Niya ang Salita, at nagkagayon nga. Pinagtibay Siyang totoo ng Dios bilang Anak Niya. "Ito ang sinisinta Kong Anak na Siya Kong lubos na kinalugdan. Pakinggan ninyo Siya."

²⁸⁵ Masdan n'yo Siya. Gusto ko ito. Gaano katapang, paanong buong kadakilaan Siyang tumayo sa harap ng Kaniyang mga tagapuna. Amen. Sabi Niya, "Gibain ninyo ang templong ito, at Ako'y dadalangin sa Ama at titingnan kung ano'ng gagawin Niya tungkol dito"? "Gibain ang templong ito, at itatayo Ko itong muli, sa loob ng tatlong araw." Hindi, "Umaasa Ako; Susubukan Ko." "Gagawin Ko iyon!" Bakit? Sinabi iyon ng Kasulatan.

²⁸⁶ Ang siya ring Kasulatan na nagsabi na babangunin Niya ang Katawan Niya, ang nagbigay sa atin ng kapamahalaan, ng Kapangyarihan. Amen! "Sa Aking Pangalan magpapalayas sila ng mga demonyo, magsasalita sila ng mga bagong wika; kung magsisihawak sila ng ahas, o makaiinom ng mga bagay na nakamamatay, hindi iyon makasasama sa kanila; kapag ipinatong nila ang kanilang kamay sa maysakit, sila ay magsisigaling."

"Bakit ka humihibik sa Akin? Magsalita ka, at sumulong." Oh, buong tapang kong . . .

"Gibain ninyo ang templong ito, itatayo Ko itong muli." Oh!

²⁸⁷ At alalahanin ngayon, (magtatapos na tayo), Siya pa rin iyon. Siya iyong nagwika, sa Juan 14:12, ang . . . "Ang sumasampalataya sa Akin, ang mga gawang ginagawa Ko ay gagawin din naman niya." Tama ba iyon? [Ang kongregasyon ay nagsasabi, "Amen."—Pat.] Siya ang may sabi iyon.

²⁸⁸ Si Jesus iyon, sa Marcos 11:24, na nagsabi, "Kung sasabihin mo sa bundok na ito," hindi kung ipananalangin mo sa bundok na ito. "Kung sasabihin mo sa bundok na ito, 'makilos ka,' at hindi ka mag-aalinlangan sa iyong puso, kundi mananampalataya na mangyayari ang sinabi mo, makakamtan mo ang sinalita mo." Ngayon ikaw, kung sinasalita mo iyon nang nagbabaka-sakali lang, hindi iyon mangyayari. Nguni't kung may isang bagay na nasa kalooban mo, na ika'y—ika'y pinahiran para sa gawaing iyon, at malalamang kalooban ng Dios na gawin iyon, at sasalitain iyon, sadyang mangyayari iyon. "Kung kayo . . ."

289 Siya iyon ang nagwika nito. “Kung mananatili kayo sa Akin, at ang mga Salita Ko’y mananatili sa inyo, hingin ninyo anumang ibigin n’yo at ito’y gagawin sa inyo.” Oh, naku! Oh, naku! Nakikita n’yo ba ang ibig kong sabihin? [Ang kongregasyon ay nagsasabi, “Amen.”—Pat.]

290 Ipagpaumahin ito, nguni’t sadyang dumating na lang ito sa kalooban ko. Kailangan ko itong sabihin. Siya iyon ang nagwika, noong araw na iyon sa itaas doon, sa loob ng kagubatang iyon, “Wala kang huli.” At lumikha Siya ng tatlong squirrel na tumayo roon sa harapan namin. Ano iyon? Pagbigkas lang ng salita, sabihin, “Sila ay magiging *nandoon*, at *doon*, at *doon*,” at naroon nga sila. Siya ang gumawa niyaon.

291 Charlie, Rodney, Siya Yaong nasa Kentucky; at Nellie, Margie, at ang iba pa sa inyo. Siya Iyon, ang siya ring Dios na naroon noon at nangusap kay Moises, nagsabi, “Bakit ka humihibik sa Akin? Bigkasin mo ang Salita!” Siya Iyon na nagpalitaw ng mga iyon. Siya iyon. Siya iyon. Oh, naku!

292 Siya Iyon ang nagbigay ng pangitain mga isang taon na ang nakalilipas, na nagsabi na magtutungo kami roon, at itong mga Pitong Tatak na ito, at kung papaanong magkakaroon ng isang—isang—isang—isang malakas na pagkulog na siyang magpapasimula nito, at sila’y maghuhugis piramide. At naroon ang *Look* na mag- . . . nilathala ito ng *Life* na magasin, nakasabit diyan sa dingding. Siya Iyon ang nagsabi niyon.

293 Siya Iyon, noong gabing naglalakad ako sa daang iyon at nakita iyong malaking ahas na mamba na akma nang tutuklawin ang kapatid ko. At sinabi Niya, “Ika’y nagbigay. . . binigyan ng Kapangyarihan upang gapusin siya, o alinman sa kanila.” Siya Iyon ang nagsabi niyon.

294 Sa maybahay kong maputi na ang buhok na nakaupo roon sa likuran: Siya Iyon noong umagang iyon, na gumising sa akin doon sa silid, at nakatayo roon sa sulok, sabi, “Huwag kang matakot na gumawa ng kahit ano, o magtungo kahit saan, o magsalita ng kahit ano, sapagka’t ang hindi nabibigong Presensiya ni Jesus Cristo ay sumasaiyo saan ka man pumaroon.”

295 Siya Iyon na naroon sa Sabino Canyon, mga tatlong buwan na ang nakalilipas, samantalang ako’y nananalangin, nag-iisip kung ano’ng magaganap. Nakatayo ako roon, at isang tabak ang nahulog sa aking kamay, at nagsabi, “Ito ang Tabak ng Hari.” Siya Iyon.

296 Siya Iyon ang nagsabi sa akin, “Kung paanong Ako’y nakay Moises, ganoon din Kita isinusugo.”

297 Siya Iyong nagsabi sa akin, tatlumpung taon na ang nakalilipas, doon sa ilog, bilang kabataan pa. Nakatayo roon na isang hamak na mangangaral, doon sa ilog, tatlumpung taon na ang nakalilipas, nakatayo roon nang ang Liwanag na iyon,

yaong Haliging Apoy ding iyon, ay bumaba buhat sa kalangitan at tumayo roon, at nagsabi, “Kung papaanong isinugo Ko si Juan Bautista upang ihanda ang unang pagparito ni Cristo, ang Mensahe mo ang maghahanda sa Ikalawang Pagparito,” sa buong mundo. Paanong mangyayari iyon, samantalang pinagtatawanan at nililibak iyon ng sarili kong pastor? Nguni’t nangyari nga iyon nang ganap sa ganoong kaparaanan. Siya Iyon ang nagsabi niyon. Opo, ginoo!

²⁹⁸ Oh, kung paano na Siya Iyon ang nagsabi sa propesiya, sa pangitain, “Mangyayari iyon.” Siya Iyon ang nagsabi, “Kung may isa sa inyong nanghuhula, o nakakakita ng pangitain, at isinasaysay iyon, at iyon ay nangyayari; kung gayon tandaan ninyo hindi siya iyon, Ako iyon. Sumasakaniya Ako.” Oh, naku! Maaari akong magpatuloy, at sabihing Siya iyon, Siya iyon, Siya iyon!

²⁹⁹ Siya yaong bumaba, nang sabihin ko sa kanila na naroon ang Haliging Apoy na bumaba roon sa ilog, at hindi nila iyon mapaniwalaan. Siya Iyong naroon sa kalagitnaan, noong ang Baptist na mangangaral na iyon, sa harapan ng tatlumpung libong mga tao noong gabing iyon, sa Sam Houston Colosseum, nang ang Anghel na iyon ng Panginoon ay nagpakuha ng Kaniyang larawan, na nakatayo roon. Siya Iyon, na Siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

³⁰⁰ Siya Iyon ang nagpauna nang nagsabi kung saan magaganap ang mga bagay na ito. Siya Iyon ang nagsabi nito. Siya Iyon ang gumawa ng mga bagay na ito. Siya’y siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman. Ginawa Niya ang lahat nang ganap na ayon sa pagkasabi Niya na gagawin Niya ito. Amen.

³⁰¹ Bakit ako maghihintay? Pinagtibay na ng Dios ang Salita. Ito ang Katotohanan. Tayo nang maglakbay. Lumakad tayo. Humayo tayo sa paglakad sa Panginoon, na iniwawaksi ang lahat ng pag-aalinlangan, ang lahat ng mga kasalanan. Linisin ang bahay, kuskusin iyon.

³⁰² Katulad ng sabi ng pangitain ni Junior Jackson, walang natira maliban sa mga lampara; o sa panaginip pala niya, sakaling nakaupo siya rito. Walang anumang natira kundi mga lampara, at may gintong singsing na nakapaikot sa mga ito, sa panaginip na isinaysay niya sa akin noong isang gabi. Oh, naku!

³⁰³ Kapatid na Collins, huwag mong alalahanin ang tungkol sa isdang iyon. Puti iyon. Hindi mo lang alam kung paano iyon hawakan.

³⁰⁴ Isantabi na ang lahat ng iba pa na salungat Dito. Tandaan, ito ay Katotohanan, gaano man Ito magmukhang panatiko, at lahat ng iba pa, kung minsan. Magpatuloy kayo na kasama Ito. Ang Espiritu Santo Ito. Ang siya ring Dios na nagbangon kay Jesus Cristo mula sa mga patay, ang Siya ring nakapagpapalitaw

ng mga bagay sa pamamagitan ng pagsasalita, ang Siya ring nasa mga kaarawan ni Moises, ay Siya rin sa araw na ito.

³⁰⁵ Ang pagkatawag Niya sa huling araw na ito, Siya'y napagtibay. "Kung paanong sa mga kaarawan ng Sodoma, ay gayon din naman ang mangyayari sa Pagparito ng Anak ng tao." Ginawa Niya . . . Naroon ang Sodoma sa ibaba roon. May Billy Graham at Oral Roberts doon. At ang Iglesya ay sumusulong, sa pamamagitan ng siya ring mga tandang ipinangako Niya, parehong lugar, at hayan na nga sila. Siya Iyon ang nagsabi no'n.

³⁰⁶ O Panginoon, bigyan ako ng tapang, ang dalangin ko. Tulungan ako, oh Panginoong Dios.

Kailangan ko nang tumigil dito. Tumatanghali na.

³⁰⁷ "Bakit umiiyak ka sa Akin? Bakit ka humihibik sa Akin, gayong pinatunayan Ko nang kasama mo Ako? Hindi ba't pinagaling Ko ang inyong maysakit," sasabihin ba Niya? "Hindi ba't sinabi Ko sa inyo ang mga bagay na naganap nang sadyang eksaktong-eksakto? Ang inyong pastor ay hindi magagawa iyon. Ako! Hindi niya magagawa; isa siyang tao. Ako iyon, ang Panginoon," iyon ang sasabihin Niya. "Ako ang gumawa nito. Ako Yaong nagsasabi sa kaniya ng mga bagay na ito para sabihin. Hindi siya iyon. Tinig Ko iyon. Ako Yaong bumubuhay sa inyong mga patay sa kanilang pagkabuwal. Ako Yaong nagpapagaling ng maysakit. Ako Yaong nagsasabi ng mga bagay na ito bago pa mangyari. Ako Yaong gumagawa ng pagliligtas. Ako Yaong nagbigay ng pangako."

³⁰⁸ Dios, bigyan ako ng tapang na kunin ang Tabak ng Salita na inilagay Niya sa aking kamay mga tatlumpu't tatlong taon na ang lumipas, at hawakan ito at sumulong patungo sa Ikatlong Hatak, ang panalangin ko.

Iyukod natin ang ating mga ulo.

³⁰⁹ Makalangit na Ama, lumalalim na ang oras, nguni't ang Salita ay lalong naging mahalaga. Habang nakikita namin iyon, Panginoon, sa tuwi-tuwina, ang di-nabibigong Presensiya ni Cristo ang laging nakikipagtagpo sa amin. Kung gaano Kitang pinasasalamatan nang lubos sa Iyong kabutihan! Kung paano Mo kaming iniligtas at naging . . . at pinagpapala kami, kung gaano Ka namin pinasasalamatan nang lubos dahil dito!

³¹⁰ Habang hawak ko ang mga panyong ito sa aking kamay, Panginoon, ito'y mga taong may pananampalataya, na naniniwala Rito. Magsilayas nawa ang bawa't diyablo, bawa't karamdaman ay magsialis mula sa mga taong iyon. At inutusan ko ang bawa't espiritung naririto; na masama, at hindi sa Dios, bawa't espiritu ng karamdaman, lahat ng sakit at kapighatian. Hindi kami nakalilim sa anino ng tao, na mabuti iyon, nguni't kami'y nasa anino ng Ebanghelyo, pinagtibay na Ebanghelyo.

³¹¹ Habang nagpaparoo't parito ang Haliging Apoy sa gusaling ito, ang Siya ring dinungawan ng Dios noon, at nahawi ang Dagat na Mapula, at tumawid ang Israel. Nguni't ngayon habang tumitingin Siya, winisikan na ito ng Dugo ng Kaniyang Sariling Anak, nang ang habag at biyaya. Maging masunurin nawa kami. Tumigil na nawa kami sa pagsasabi, sa pag-iyak. Mapagtanto nawa namin na tinawag Mo kami para sa gawaing ito. Ito na ang oras. Sinasabi ko ito sa Pangalan ni Jesus Cristo, magsilayas ang bawa't karamdaman sa lugar na ito.

³¹² Nawa'y ang bawa't lalaki at babae, na tumatawag sa Pangalan ni Jesus Cristo, ay muling mailaan ang mga buhay nila sa araw na ito. Iniaalay ko ang sa akin, Panginoon, sa altar ng panalangin. Ibinababa ko ang sarili ko, at inilalagay ang sarili ko sa kahihayan at iniyuyukod ang aking ulo sa lupa kung saan Mo ako kinuha. Panginoong Dios, ikinahihiya ko ang aking kahinaan at ang kawalan ko ng pananampalataya. Patawarin Mo po ito, Panginoon. Bigyan ako ng lakas ng loob. Bigyan kaming lahat ng lakas ng loob.

³¹³ Ang pakiramdam ko, parang si Moises, lahat kami'y nasa daan papalabas. Ayaw naming mag-iwan ng isa. Nais naming isama ang bawa't isa, Panginoon. Sila'y sa Iyo. Inaangkin ko sila para sa Iyo. Pagpalain Mo ang mga taong ito sa araw na ito, Panginoon. Ipagkaloob ito. At basbasan ako, kasama nila, Ama, at ang Pangalan Mo'y mapapurihan. Mapapasaiyo ang Iyong kaluwalhatian. Ipagkaloob sa amin ang eternal na pananampalatayang ito, Panginoon, habang inilalaan namin ang aming mga sarili sa Iyo ngayon.

³¹⁴ Ako, sa Bibliang ito at sa pulpitong ito, ipinagkakaloob ko sa Iyo ang aking buhay, Panginoon. Umaasa ako sa bawa't pangako na Iyong ibinibigay. Alam kong mapatutunayan ang mga ito. Alam kong Katotohanan ang mga ito. Pagkalooban Mo ako ng tapang upang salitain ang mga Salitang ito. Bigyan ako ng tapang, Panginoon. Ituro sa akin kung ano'ng dapat kong gawin at sabihin. Ipinagkakaloob ko ang aking sarili sa Iyo, kasama ang iglesyang ito, sampu nito, Panginoon, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

My faith . . . up to Thee,
 Thou Lamb of Calvary,
 Saviour Divine;
 Now hear me while I pray,
 Take all my sins away,
 O let me from this day
 Be wholly Thine!

³¹⁵ Ngayon magsitayo tayo, nang tahimik, habang hinihiging natin ito. [Si Kapatid na Branham at ang kongregasyon ay nagsisimulang humiging ng, *My Faith Looks Up To Thee*—Pat.]

. . . to Thee,
Thou Lamb . . .

Itaas lang natin ang ating mga kamay sa Kaniya ngayon.

O Saviour . . .

Ilaan ninyo ang sarili n'yo sa Dios ngayon.

Now hear me while I pray,
Take all my doubts away,
O let me from this day
Be wholly Thine!

³¹⁶ Ngayon sabay-sabay, na nakataas ang ating mga kamay. [Ang kongregasyon ay sumusunod, kay Kapatid na Branham sa panalanging ito—Pat.] Panginoong Jesus, [Panginoong Jesus,] ngayon aking [ngayon aking] inilalaan ang sarili ko sa Iyo, [inilalaan ang sarili ko sa Iyo,] isang buhay ng paglilingkod, [isang buhay ng paglilingkod,] lalong dalisay, [lalong dalisay,] higit na pananampalataya, isinasamo ko, [higit na pananampalataya, isinasamo ko,] na ako'y [na ako'y] lalong maging katanggap-tanggap na lingkod [lalong maging katanggap-tanggap na lingkod] sa hinaharap kong buhay, [sa hinaharap kong buhay,] kaysa noon sa aking [kaysa noon sa aking] nakaraang buhay. [nakaraang buhay.] Patawarin ang di ko pananampalataya, [Patawarin ang di ko pananampalataya,] at ipanumbalik sa amin [at ipanumbalik sa amin] ang Pananampalataya [ang Pananampalataya] na minsan nang naipagkaloob sa mga banal. [na minsan nang naipagkaloob sa mga banal.] Inihahandog ko ang sarili ko sa Iyo, [Inihahandog ko ang sarili ko sa Iyo,] sa Pangalan ni Jesus Cristo. [sa Pangalan ni Jesus Cristo.]

³¹⁷ Ngayon samantalang iniyuyukod natin ang ating mga ulo.

While life's dark maze I tread,
And grief around me spread,
Be Thou my Guide;
Bid darkness turn to day,
Wash all my fears away,
Nor let me ever stray
From Thee aside.

³¹⁸ Samantalang ating iniyuyukod ang ating mga ulo ngayon. Sa palagay n'yo ba'y nakabuti sa inyo ang Mensahe sa umagang ito? [Ang kongregasyon ay nagsasabi, "Amen."—Pat.] Nakapagbigay ba sa inyo ng lakas ng loob? ["Amen."] Kung nais ninyo, itaas lang ninyo ang inyong mga kamay sa Dios, sabihing, "Dios, salamat sa Iyo." ["Dios, salamat sa Iyo."] Naitaas ko na ang aking dalawang kamay, sapagka't dama kong ito'y—ito'y nakatulong sa akin. Nagbigay iyon sa akin ng lakas ng loob.

³¹⁹ Ang ilang mga bagay na sinabi ko, hindi ko iniisip na sasabihin ko iyon, nguni't nasabi na iyon. Isa iyong saway sa

akin. Nakita ko ang aking sarili sa paraan na aking inakalang iyon na, nguni't nakita ko ang aking sarili na nagkasala ng laging pag-iyak, sa halip na magsalita.

³²⁰ Dios, tulungan Mo ako, mula sa oras na ito, na ako'y lalong maging higit na nakalaang lingkod.

³²¹ Hindi lang ako ang ipinapanalangin ko. Ako'y dumadalangin para sa inyo, rin, na, sama-sama, bilang isang Katawan ni Cristo, tinawag palabas sa sanlibutan, naghahanda para sa Lupang pangako, na ang Dios ay bigyan ako ng tapang upang ipangaral ang daan, gawing malinaw ang daan upang hindi kayo mailihis ng landas. Sasabihin ko, sa inyo sa biyaya ng Dios, susundan ko ang Duguang yapak Niya Na nauna na sa atin.

At itong banal na krus ay papasanin ko,
Hanggang sa palayain ako ng kamatayan,
At uuwi na sa Tahanan, mapuputungan,
May putong para sa akin.

³²² Ipinagkakaloob namin ito sa Iyo, Ama, ang paghahandog, sa Pangalan ni Jesus Cristo, na Iyong Anak. Amen.

³²³ [Isang kapatid na lalaki ang nagsimulang magsalita ng iba't ibang wika. Patlang sa teyp—Pat.]

³²⁴ Pinasasalamatan natin ang Panginoon dahil dito. Mamuhay kayo nang may kabanalan. Ilagak ninyo ang inyong sarili, sa kagiliwan, pagpapakumbaba. Lumakad sa Espiritu. Lumakad, manalita, manamit, kumilos na tulad sa mga Cristiano, mapagpakumbaba at magiliw. Huwag n'yo ito ngayon palampasin. Ang Tinig ng Dios ay nangungusap sa pamamagitan ng Salita, nangungusap sa pamamagitan ng mga kaloob. Kapag may dumating na kaloob, may iba namang naghahayag nito, may dumating na isa pang kaloob at ganun din ang inihahayag nito. Kita n'yo, iyon ay totoong ayon sa Salita at ayon sa oras na ito. Ang Dios ay sumasaatin. Gaano natin Siyang pinasasalamatan nang lubos dahil dito! Ngayon kung ang ating . . .

³²⁵ Samantalang nakayukod ang ating mga ulo, kung mabibigyan tayo ng tipa ng ating kapatid na babae sa:

Take the Name of Jesus with you,
As a shield from every snare;
And when temptations around you gather,
Just breathe that holy Name in prayer.

³²⁶ Sadyang, gawin lang iyan, bigkasin ang Salita at sambitin ang Pangalan Niya. Umawit tayo ngayon habang tayo—habang tayo'y nagtatapos.

Take the Name of Jesus with you,
 As a shield . . . and of woe;
 It will joy and comfort give you,
 Oh, take it everywhere you go.
 Precious Name . . .

³²⁷ Ngayon magkamayan tayo sa isa't isa, at sabihin,
 "Ipananalangin kita, kapatid, at ipanalangin mo rin ako."

. . . Heaven;
 Precious Name, precious Name, O how sweet!
 Hope of earth and joy . . .

³²⁸ Ngayon habang nakayukod ang ating mga ulo, awitin natin
 itong kasunod na taludtod.

Take the Name of Jesus with you,
 As a shield from every snare;
 When temptations round you gather,
 Breathe that holy Name in prayer.
 Precious Name, precious Name; O how sweet!
 O how sweet!
 Hope of earth and joy of Heaven;
 Precious Name, O how sweet!
 Hope of earth and joy of Heaven.

³²⁹ Samantalang nakayukod ang ating mga ulo ngayon, at pati
 na ang ating mga puso, taglay ang pagkaunawa na sinabi ni
 Jesus, "Ang dumirinig ng Aking mga Salita at sumasampalataya
 sa Kaniya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na Walang
 Hanggan at hindi na papasok sa Paghatol, kundi lumipat na sa
 Buhay mula sa kamatayan." Nalalaman na ating, sa biyaya ng
 Dios, taglay iyon sa ating puso; sampu ng paglalaan sa Kaniya
 sa umagang ito, na ang mga buhay natin ay magbabago, mula
 sa araw na ito, na tayo'y magiging higit na positibo sa ating
 pag-iisip. Sisikapin nating mamuhay nang lubos na magiliw at
 mapagpakumbaba, na, naniniwala na kung ano ang hinihiling
 natin sa Dios, ipagkakaloob ito ng Dios sa bawa't isa. At
 huwag tayong mangagsasalita ng masama laban sa isa't isa,
 o sa kaninuman. Ipananalangin natin ang mga kaaway natin
 at mamahalin sila, gawan ng mabuti ang mga gumagawa ng
 masama sa atin. Ang Dios ang Hukom ng kung sino ang tama
 at mali. Taglay ang . . .

³³⁰ Batay dito, at habang nakayukod ang ating mga ulo,
 hihilingin ko sa ating butihing kaibigan, si Kapatid na Lee
 Vayle, kung kaniyang pauwiin na ang mga tagapakinig sa isang
 panalangin. Kapatid na Vayle.



BAKIT KA HUMIHIBIK? MAGSALITA KA! TAG63-0714M

(Why Cry? Speak!)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Hulyo 14, 1963, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings. Muling inilathala noong 2010.

TAGALOG

©2009 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org